

# MGA PAGPAPAHALAGA MUNA

ANG KODIGO NG ETIKA NG JOHNSON CONTROLS

Johnson Controls




# TALAAN NG NILALAMAN


**PANIMULA**

Ang Programa ng Etika at Pagsunod ng Johnson Controls . . . 07

Ang Ating mga Pananagutan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 08

Mga Espesyal na Responsibilidad ng mga Lider at Superbisor . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 09

Pagsasalita at Paghingi ng Tulong . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 10

Paggawa ng Matalinong Pagpili . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 11

**MGA PAGPAPAHALAGA MUNA AT PAGWAWAGI NANG SAMA-SAMA**

Kalusugan at Kaligtasan. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 13

Magalang na pagtrato, pagpigil sa panliligaligat pananakot sa lugar ng trabaho . . . . . . . . . . . 14

Pagkakaiba-iba at Pagsasama . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 15

Pantay na pagkakataon at pagpigil sa diskriminasyon. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 16

Pagkapribado ng data ng empleyado. . . . . . . . . . . . . . . . . 17

**MGA PAGPAPAHALAGA MUNA AT PAGWAWAGI PARA SA MGA CUSTOMER**

Kalidad at kaligtasan ng produkto . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 19

Matapat na mga gawi sa marketing, pagbebenta at serbisyo . . . . . . . . . . . . . . . . . . 20

Pagkapribado ng data ng customer . . . . . . . . . . . . . . . . . . 21

Pagsunod sa mga kontrata ng gobyerno . . . . . . . . . . . . . . 22

**MGA PAGPAPAHALAGA MUNA AT PAGWAWAGI SA MERKADO**

Pagsunod sa internasyonal na kalakalan . . . . . . . . . . . . . . 25

Patas na kumpetisyon/antitrust . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 26

Integridad ng pananaliksik at etikal na paghahanap ng mapagkumpitensiyang katalinuhan . . . . . . 27

Panunuhol at iba pang anyo ng katiwalian . . . . . . . . . . . . . 28

Mga karapatan sa intelektuwal na pag-aari at pangkalakal ng ikatlong partido . . . . . . . . . . . . . . . 30

**MGA PAGPAPAHALAGA MUNA AT PAGWAWAGI PARA SA MGA MAMUMUHUNAN**

Mga Salungatan ng Kapakinabangang . . . . . . . . . . . . . . . . 32

Pag-iingat ng talaan at pagbubunyag. . . . . . . . . . . . . . . . . 36

Pisikal na ari-arian at mga yaman, ang ating reputasyon at ating kumpidensiyal at pansariling impormasyon . . . . . . 38

Insider trading at pag-abuso sa pamilihan ng sapi . . . . . . 43

Mga responsableng komunikasyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . 44

**MGA PAGPAPAHALAGA MUNA AT PAGWAWAGI KASAMA ANG ATING MGA SUPPLIER**

Procurement. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 47

Pagpigil sa mga pag-abuso sa nasa supply chain. . . . . . . . 48

Mga inaasahan ng supplier . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 50

**MGA PAGPAPAHALAGA MUNA AT PAGWAWAGI KASAMA ANG ATING MGA KOMUNIDAD**

Mga pananagutan sa pagpapanatili at sa kapaligiran . . . . . 52

Paglahok at pamumuhunan sa komunidad . . . . . . . . . . . . . 53

Mga gawaing pulitikal at paglo-lobby . . . . . . . . . . . . . . . . 54



MGA PAGPAPAHALAGA MUNA

# LAHAT, SAAN MAN, ARAW-ARAW

Ginagawang mas produktibo, mas ligtas at mas napapanatili ang mundo ng ating mga ginagawa sa araw-araw sa Johnson Controls. Ang paglikha ng mga panalong solusyon para sa ating mga customer ang siyang susi ng pagwawagi sa merkado. Mahalaga kung paano natin ginagawa iyon dahil walang halaga ang pagwawagi kung walang integridad. Iyan ang dahilan kung bakit Integridad Muna ang una sa ating mga pagpapahalaga.

Ang ating mga pagpapahalaga ang puntong pagsisimulan ng lahat ng ating ginagawa, saan man natin ito gawin. Ipinapaalala ng mga ito sa atin—at sa iba—kung sino tayo, kung ano ang ating pinaninindigan at paano natin ginagawa ang mga bagay-bagay. Ang mga ito ang ating inspirasyon at ating gabay. Kung kaya ito, ang Kodigo ng Etika ng Johnson Controls, ay tinatawag na “Mga Pagpapahalaga Muna.”




MGA PAGPAPAHALAGA MUNA

# NAGHAHATID ANG ATING MGA PAGPAPAHALAGA NG MGA PANALONG PAG-UUGALI, NA NAGHAHATID NG MGA PANALONG RESULTA

**INTEGRIDAD MUNA**
Ipinapangako natin ang katapatan at pagiging bukas. Itinataguyod natin ang pinakamataas na pamantayan ng integridad at iginagalang ang mga pangakong binibitiwan natin.

**PINAMUMUNUAN NG LAYUNIN**
Naniniwala tayo sa paggawa ng mabuti sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan at binibigyan ng pananagutan ang ating mga sarili na gawin ang mundo na isang mas mabuting lugar sa pamamagitan ng mga solusyong ating ipinagkakaloob, ng ating pakikipag-ugnayan sa lipunan, ang paraan ng pagnenegosyo natin at ating pangako na pangalagaan ang mga tao at ang kapaligiran.

**HINIMOK ANG CUSTOMER**
Nagwawagi tayo kapag nagwawagi ang ating mga customer. Nagbibigay ang ating mga pangmatagalang estratehikong relasyon ng mga kakaibang pananaw at ng kakayahang maghatid ng natatanging mga karanasan ng customer at mga solusyon.

**NAKATUON SA KINABUKASAN**
Dinadala tayo ng ating kultura ng pagbabago at patuloy na pagpapahusay sa paglutas ng mga hamon ngayon habang patuloy na itinatanong ang 'ano ang susunod.'

**ISANG PANGKAT**
Tayo ay isang pangkat, nakatuon sa pagtatrabaho nang sama-sama upang lumikha ng may layuning mga solusyon na nagtutulak sa mundo nang pasulong.



# MENSAHE MULA SA CEO

Minamahal na Mga Kasamahan,

Nabubuhay tayo sa isang daigdig na ang mga kaguluhan, pagbabago at kawalan ng katiyakan ay mga pang-araw-araw na katotohanan. Ang ideya ng pagkakaroon ng higit na kontrol sa mga kapaligiran kung saan tayo nabubuhay, nagtatrabaho at naglalakbay ay parehong muling nagbibigay ng tiwala at nagbibigay ng kapangyarihan. Noong 1883, ang ideyang ito ang pumukaw kay Warren S. Johnson para likhain ang electric room thermostat. Ang parehong pangunahing pag-iisip ang pumupukaw sa Johnson Controls ngayon: sa buong mundo tayo ay nakikipagtulungan at nagpapanibago upang gawing ligtas, maginhawa at napapanatili ang mundo. Nakikita natin ang ating mga sarili bilang isang kompanya na mas maraming ginagawa kaysa sa gumagawa ng mga bagay; gumagawa tayo ng pagkakaiba.

Dapat nating panatilihin ang mas malaking larawan sa ating isip habang tayo ay nagtatrabaho at habang nakikipag-ugnayan tayo sa ating mga kasamahan, customer at sa buong mundo. Pinaaalalahanan tayo sa paggawa nito na ang epekto ng ating mga pansariling desisyon at aksiyon, para sa mabuti o masama, ay maaaring mas malawak kaysa sa ating naisip. Higit na naging mas mahalaga kumpara sa dati ang tiwala ng customer at ang reputasyon para sa kalidad, pagkamaaasahan at integridad. Dahil dito, ang Pagpapahalaga Muna, ang Kodigo ng Etika ng Johnson Controls, ay isang mahalagang mapagkukunan. Bawat isa sa atin ay may pananagutan na maging pamilyar sa Kodigo at sundin ito sa lahat ng panahon.

Mahalaga ang pangalan ng Kodigo; ipinakikita nito ang paniniwala na kapag inuna natin ang pagpapahalaga, nagtatatag tayo ng negosyo na magtatagal. Itinataguyod ng pagsasakatuparan ng ating mga pagpapahalaga ang isang kultura ng pagtitiwala at paggalang. Iyon ay nagbibigay-daan sa atin na makipagtulungan, magpanibago at gawin ang ating pinakamahusay na gawain upang tayo at ang ating mga customer ay magwawagi nang magkasama.

Salamat sa lahat ng ginagawa ninyo upang makatulong na gawing ligtas, maginhawa at napananatili ang mundo.

Taos-pusong sumasainyo,



George Oliver
*Chairman at Chief Executive Officer*




MGA PAGPAPAHALAGA MUNA

# BAKIT NAUUNA ANG ATING MGA PAGPAPAHALAGA

Sa loob ng mahigit 130 taon, nakapagtatag ang Johnson Controls ng reputasyon bilang isang kompanyang mapagkakatiwalaan na tumutupad sa ating mga pangako at naghahatid ng halaga para sa ating mga customer at iba pang stakeholder.

Ang reputasyong ito ang ating pananagutan, anuman ang ating tungkulin sa Kompanya. May direktang epekto ang ating mga pansariling kagustuhan at aksiyon sa kakayahan ng Johnson Controls na matugunan ang mga inaasahan ng ating mga customer, mamumuhunan at iba pang stakeholder. Kahit na tayo ay 120,000 tao, na sumusuporta sa maraming tatak at tungkulin sa buong mundo, nagwawagi tayo bilang Isang Pangkat. Kailangang suportahan ng ating mga kagustuhan at pag-uugali ang kultura ng pagtitiwala at paggalang habang nagtutulungan tayong gawin ang pinakamahusay nating gawain.

Iyan ang dahilan kung bakit mayroon tayong **Pagpapahalaga Muna**, ang ating Kodigo ng Etika. Itinatakda nito ang mga inaasahan para sa mga pag-uugali at ginagabayan tayo patungo sa pagkakamit ng pinakamahusay na resulta para sa ating mga sarili at sa lahat ng ating stakeholder. Isa itong praktikal at madaling gamitin na mapagkukunan, na nagpapakita sa atin kung paano natin gagawing aksiyon ang mga nakabahaging pagpapahalaga. Kapag hinimok ng ating mga pagpapahalaga ang mga tamang pag-uugali, lahat ay nagwawagi.



MGA PAGPAPAHALAGA MUNA

# KAPAG HINIMOK NG ATING MGA PAGPAPAHALAGA ANG MGA TAMANG PAG-UUGALI, LAHAT AY NAGWAWAGI

**ANG PROGRAMA NG ETIKA AT PAGSUNOD NG JOHNSON CONTROLS**

*Pagpapahalaga Muna,* ang ating Kodigo ng Etika, ay ang saligan ng Programa ng Etika at Pagsunod ng Johnson Controls. Ang Programang ito ay isang pinagsamang paraan upang matiyak na ang ating indibidwal na pagkilos, mga operasyon ng negosyo at kultura ng organisasyon ay pinapanatili ang mga pinakamataas na pamantayan ng integridad. Sa pamamagitan ng pangako ng pamumuno, komunikasyon, pagsasanay, pagsubaybay, mga pamamaraan ng pag-uulat at iba pang paraan, tinutulungan tayo ng Programa ng Etika at Pagsunod na matukoy at ligtas na maiwasan ang mga peligro ng etika at pagsunod at isagawa ang negosyo alinsunod sa ating mga pagpapahalaga.



MGA PAGPAPAHALAGA MUNA

# ANG ATING MGA PANANAGUTAN

Sa Johnson Controls, ang lahat, saan man ay dapat maging pamilyar sa Kodigo ng Etika at sundin ito araw-araw—anuman ang tungkulin o taas ng tungkulin. Kasama rito ang lahat ng empleyado, mga opisyal at miyembro ng Lupon ng mga Direktor. Ang mga paglabag sa Kodigo ay malubha at maaaring humantong sa aksiyong pandisiplina, hanggang sa at kabilang ang pagtitiwalag, alinsunod sa mga lokal na iniuutos ng batas.

May mga patakaran ang Johnson Controls na sumasagot sa maraming paksa sa Kodigo nang mas detalyado. Matatagpuan ang mga ito sa site ng Ethics & Compliance SharePoint.

Hindi lang natin dapat sundin ang Kodigo at ang mga patakaran ng Kompanya, ang bawat isa sa atin ay may obligasyon na sumunod sa mga batas na angkop sa atin. May tungkulin tayo na magsalita kung hindi tayo tiyak tungkol sa kung ano ang dapat gawin o may alalahanin – lalo na kung may makita o mapaghinalaan tayong masamang asal.



MGA PAGPAPAHALAGA MUNA

# MGA ESPESYAL NA RESPONSIBILIDAD NG MGA LIDER AT SUPERBISOR

Habang lahat tayo ay dapat na sumusunod sa Kodigo at nagiging halimbawa ng mga pagpapahalaga ng Johnson Controls, may mga karagdagang obligasyon ang mga empleyadong may mga tungkuling pamumuno o pangangasiwa na:

- Paalalahanan ang mga miyembro ng pangkat at regular na idirekta ang mga ulat ng kahalagan ng pagsunod sa Kodigo
- Aktibong maghanap ng mga pagkakataon na talakayin ang Kodigo at ang ating mga pagpapahalaga (halimbawa, sa panahon ng mga pulong ng pangkat at mga pagrerepaso ng indibidwal na pagganap)
- Kilalanin at gantimpalaan ang mga gawain ng etikal na pamumuno, na iniuugnay ang mga ito sa hinahangad nating kultura at mga resulta ng negosyo
- Subaybayan ang pamamahala ng mga kahihinatnan para sa mga empleyado na lumalabag sa Kodigo at/o Mga patakaran ng Kompanya
- Maglingkod bilang mabuting ehemplo at magpakita ng personal na pananagutan sa etika at pagsunod sa kung ano ang sinasabi at ginagawa natin
- Tiyakin na alam ng ating mga pangkat ang iba't ibang paraan na maaari nilang iulat ang mga alalahanin at na ang paghihiganti ay hindi pahihintulutan
- Itala ang anumang alalahanin na dinadala sa ating pansin sa Integrity Helpline upang matiyak ang walang pinapanigan at propesyonal na pagsisiyasat
- Ipilit na ang mga kawaning hindi empleyado (gaya ng mga consultant at mga pansamantala at hindi inaasahang manggagawa) ay palaging kumikilos ayon sa Kodigo at sa ating mga pagpapahalaga



MGA PAGPAPAHALAGA MUNA

# PAGSASALITA AT PAGHINGI NG TULONG

**MAGSALITA - MAHALAGA ANG BOSES NG LAHAT**
Madalas, ang tamang bagay na dapat gawin ay malinaw. Sa ibang pagkakataon, maaaring mukhang masalimuot o hindi pangkaraniwan ang isang sitwasyon at maaaring hindi tayo tiyak tungkol sa kung paano magpatuloy. Kung mayroon kayong alalahanin, mangyaring kaagad na magsalita. Hindi lang natin tungkuling gawin ito, binibigyang-daan tayo nito na mabilis na maliwanagan at maiwasan ang mga potensiyal na problema. Kung may bagay na mali, binibigyan tayo nito ng pagkakataon na magsiyasat at iwasto ito.

**MGA PINAGKUKUNAN**
Maraming paraan upang tumukoy ng isang alalahaning etika o pagsunod. Maaari mong:

- Talakayin ang usapin sa iyong superbisor
- Talakayin ang usapin sa isa pang superbisor o tagapamahala
- Makipag-ugnayan sa Compliance team, Human Resources o Law Department
- Makipag-ugnayan sa 24 na oras na Integrity Helpline ng Johnson Controls:
    - Sa pamamagitan ng Internet: JohnsonControlsIntegrityHelpline.com
    - Sa pamamagitan ng telepono: (pumunta sa JohnsonControlsIntegrityHelpline.com o sa portal ng empleyado para sa mga numerong walang bayad)

**WALANG PAGPAPAHINTULOT SA PAGHIHIGANTI**
Ipinagbabawal ng Johnson Controls ang paghihiganti. Ang sinumang nagpahayag ng isang alalahanin na walang masamang layunin ay hindi mahaharap sa anumang uri ng paghihiganti—kabilang ang mga pagbabanta, panliligalig, pagbawas ng mga oras, pagtitiwalag sa trabaho o anumang iba pang negatibong kinahinatnan. Salungat ang paghihiganti sa ating mga pagpapahalaga at pinahihina ang pagtitiwala na mahalaga sa ating tagumpay. Ang gawang paghihiganti ay malubhang masamang asal na hahantong sa aksiyong pandisiplina, hanggang sa at kabilang ang pagkatanggal sa trabaho.



MGA PAGPAPAHALAGA MUNA

# PAGGAWA NG MATALINONG PAGPILI

Ipinapakita ng ating mga pagpapahalaga na mahalaga kung paano natin nakakamit ang ating mga layunin tulad ang pagkakamit sa mga ito. Ang mga pinili natin sa paglipas ng panahon ay malaki ang ipinahihiwatig tungkol sa atin bilang mga indibidwal at bilang isang organisasyon. Gusto nating makilala sa paggawa ng mga tamang pagpili—mga pagpili na sumusuporta sa isang kultura at isang kompanya na maaari nating ipagmalaki—at tumatakbo sa isang etikal, legal at responsableng paraan.

Kung nahaharap ka sa isang mahirap na desisyon, isaalang-alang na gawin ang mga sumusunod na hakbang. Kapag napatigil ka, maaaring makatulong ang anumang mga mapagkukunan sa pahina 10.

Kapag isinasaalang-alang ang isang desisyon o kurso ng pagkilos, TANUNGIN ANG SARILI MO:





MGA PAGPAPAHALAGA MUNA AT

# PAGWAWAGI NANG SAMA-SAMA

# Kalusugan at Kaligtasan



## Pagpapanatiling Ligtas ang Bawat Isa

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Pinapanatili nating ligtas at malusog ang ating mga sarili at ang iba upang maabot natin ang ating buong kakayahan.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Nagwawagi tayo bilang isang pangkat kapag ginagawa nating pangunahing prayoridad ang kapakanan ng ating mga tao at bisita. Wala nang mas mahalaga kaysa sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho; pinapanatili tayong nakatuon ng ating Pananaw na Walang Pinsala at mga kaugnay na layunin. Ang pagpapanatiling ligtas ang lahat ay isang nakabahaging responsibilidad. Iniingatan natin ang isa't isa sa ating pang-araw-araw na mga gawain, upang maiwasan ang pinsala at mga sakuna, at gumagawa tayo ng mga angkop na pagkilos kung nakakakita tayo ng anumang bagay na maaaring maging sanhi ng pinsala. Sa pagsasagawa ng magagandang gawi ng kaligtasan, tayo ay napoprotektahan, ginagawang mas maginhawa ang ating kapaligiran ng trabaho at binibigyang-daan tayo na makatuon sa paghahatid ng pambihirang mga karanasan at solusyon para sa customer.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Itinataguyod natin ang isang kultura ng Walang Pinsala sa pamamagitan ng:

- Pag-alam at pagsunod sa lahat ng alituntunin at pamamaraan ng kaligtasan
- Hindi kailanman paggawa ng mga hindi kinakailangang panganib sa lugar ng trabaho o pag-utos sa iba na gawin ito
- Agad na paghinto sa kung ano ang ginagawa natin kung ito ay maging hindi ligtas, kahit na katumbas nito ay ang pagkaantala ng produksiyon o ng trabaho
- Palagiang pag-uulat ng mga hindi ligtas o hindi malusog na mga kondisyon o pag-uugali, tulad ng mga panganib sa lugar ng trabaho, sira o nawawalang kagamitan, banta ng karahasan o sandata sa mga ari-arian ng Kompanya
- Pagkaalam kung ano ang gagawin kung sakaling may pinsala o iba pang emergency
- Pagdating sa trabaho na walang impluwensiya ng alak o droga na maaaring makapagpahina ng pagpapasya o magbanta sa kaligtasan

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Dalawang beses nang hiniling sa akin sa linggong ito ng isang kasamahan sa production line na pagtakpan siya habang siya ay gumagawa ng mabilis at wala sa schedule na pahinga. Paminsan-minsan siyang nahihilo dahil sa kanyang bagong gamot. Sinabi ko sa kanya na nag-aalala ako na maaaring malagay siya at ang iba pa sa peligro dahil sa mga side effect ng gamot. Sinabi niya na walang dapat ikabahala—sa lalong madaling panahon ay masasanay rin siya sa gamot. Kailangan ko bang gumawa ng anumang aksiyon?

**S:** Lahat tayo ay may obligasyong kumilos kung may malaman tayong potensiyal na panganib sa kalusugan at kaligtasan. Ang hindi paggawa nito ay magiging paglabag sa Kodigo na ito. Dapat mong payuhan ang kasamahan mo na makipag-usap sa kanyang superbisor, na maaaring isaalang-alang ang pansamantalang pagtatalaga ng ibang tungkulin o ibang pagsasaayos. Dapat mong ipaalam sa kanya na kung ayaw niyang ilahad ang problema, mapipilitan ka at ang iba na gawin ito. Iginagalang natin ang karapatan ng lahat sa privacy, ngunit ang kaligtasan ay mahalaga sa lahat.

# Magalang na pagtrato, pagpigil sa panliligalig at pananakot sa lugar ng trabaho

## Pagtataguyod at Pagpapanatili ng Kagalang-galang na Lugar ng Trabaho

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Tinatrato natin ang iba nang may paggalang, itinataguyod ang positibong kapaligiran ng trabaho na kung saan umuunlad tayo bilang Isang Pangkat.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Nagtutulungan tayo bilang Isang Pangkat, nag-uugnayan sa mga paraan na nagtataguyod ng tiwala at paggalang sa isa't isa. Ang ibig sabihin nito ay propesyonal na pagkilos, pakikipag-usap nang bukas at may paggalang sa iba, at pagsuporta sa bawat isa hangga't ating makakaya. Sa ganitong paraan, ang bawat isa sa atin ay tumutulong na hubugin at palakasin ang ating kultura ng kahusayan at integridad. Ang lugar ng trabaho na nagpapalakas at sinusuportahan ang pinakamahusay na pagsisikap ng lahat ay isang panalong lugar ng trabaho.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Pinapanatili natin ang isang kagalang-galang na lugar ng trabaho sa pamamagitan ng:

- Pagbubuo ng tiwala sa mga kasamahan at kasosyo
- Pakikinig upang makaunawa
- Paghahanap ng mga pagkakataon upang makipagtulungan at magbahagi para sa ikakabuti ng pangkat
- Kaagad na pag-iisip tungkol sa kung paano maaaring maunawaan ng iba ang ating mga salita at pagkilos
- Pagtutol sa anumang uri ng pananakot o panliligalig at paghingi ng tulong kung kinakailangan
- Pag-uulat ng hindi angkop na mga biro, insulto o iba pang nakasasakit na mga puna tungkol sa lahi, kasarian, kulay, relihiyon, edad, bansang pinagmulan, kapansanan, oryentasyong seksuwal o iba pang katangiang protektado ng batas
- Hindi kailanman pagsasabi—o pagkunsinti—sa mga hindi kanais-nais na seksuwal na pahayag o balak, o pagpapakita ng mga bagay na maaaring nakakasakit sa iba
- Pag-uulat ng anumang hindi angkop na pag-uugali, ikaw man ang tina-target nito o ibang tao

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Ang aking bagong superbisor ay napakamausisa at palakaibigan. Masusi niya akong tinatanong tungkol sa aking personal na buhay, kaya hindi ako komportable. Maaaring naiisip niya na siya ay nagiging palakaibigan, ngunit nahihiya ako sa kanyang mga paksa ng pakikipag-usap. Hiniling kong tumigil na siya, ngunit sinabi niyang masyado akong nababahala at nagtanong nang malakas kung nararapat ba ako para sa pangkat. Hindi ko gustong simulan nang masama ang pakikisama sa aking superbisor, ngunit kinakabahan ako sa kanya. Ano ang maaari kong gawin?

**S:** Hindi kanais-nais at katanggap-tangap ang pag-uugaling ito ng superbisor, at walang lugar sa Johnson Controls. Kung sa pakiramdam mo ay komportable ka na gawin ito, ipaalam sa iyong superbisor kung ano ang nararamdaman mo dahil sa kanya at sabihin sa kanyang tumigil na. Kung mas gusto mong huwag nang muling harapin ang iyong superbisor, maaari kang makipag-usap sa isang mas mataas na tagapamahala o sa inyong kinatawan ng HR, o makipag-ugnayan sa Integrity Helpline. Alinman sa mga pagpipiliang ito ay magbibigay-daan sa atin upang makatulong na malutas ang problema. Pangangalagaan ka mula sa anumang paghihiganti.

# Pagkakaiba-iba at Pagsasama



## Pagpapahalaga sa ating Iba't ibang Talento, Karanasan at Pananaw

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Ginagamit natin ang pinakamabuti nating iba't ibang talento, karanasan at pananaw para sa mga natatanging pananaw at makabagong ideya.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Hinihikayat, pinauunlad at binibigyang-kapangyarihan ng Johnson Controls ang mga indibidwal na may malawak na mga karanasan, kakayahan at pananaw. Pinalalawak ng pagpapahalaga sa dahilan ng pagiging natatangi ng bawat isa ang ating mga pananaw at pinasisigla ang mga bagong ideya. Binibigyang-daan tayo ng ating pagkakaiba-iba na lutasin ang problema nang mas malikhain, gumawa ng mga desisyon na mas pinag-isipan at matukoy ang mga pagkakataon nang mas maagap. Kapag nararamdaman ng lahat na nakakapag-ambag sila sa at kasali sa ating tagumpay, makikinabang ang lahat ng ating empleyado, customer at mamumuhunan.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Pinapakinabangan natin ang iba't iba at malawak na saklaw na kultura sa pamamagitan ng:

- Aktibong paghahanap ng alternatibong mga opinyon at pamamaraan
- Magalang na pakikinig sa iba upang maaari nating isaalang-alang at pakinabangan ang mga saloobin at ideya na hindi kagaya ng sa atin
- Makatarungang pagtrato sa mga tao at pagbibigay sa mga empleyado ng mga pantay na pagkakataon batay sa kanilang mga kuwalipikasyon at kasanayan
- Paghingi ng at pagiging bukas ng isip sa feedback na mula sa iba

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Isa ako sa tatlo lang na babae sa aming pangkat. Sa lingguhang pulong ng pangkat, medyo halata na pinapaboran ng aming lalaking superbisor ang mga ideya at opinyon ng aming mga kasamahang lalaki, kung minsan ay lantaran akong sinisiraan at ang iba pang kababaihan. Pakiramdam namin na kami ay minamaliit at ipinagkakait ang pagkakataon na patunayan kung ano ang kaya naming gawin. Ako ay natatakot na ang pagsasabi ng problema sa aking superbisor ay magpapatunay lamang ng kanyang mga masamang palagay tungkol sa mga babae. Paano ako makagagawa ng isang pagbabago na magbibigay-daan sa lahat sa pangkat na mag-ambag?

**S:** Sa Johnson Controls, itinataguyod natin ang iba't iba at malawak na saklaw na kapaligiran na kung saan ang lahat ay maaaring mag-ambag sa ating tagumpay. Ang anumang anyo ng pagkiling sa kasarian ay hindi sumasalamin sa ating pagpapahalaga o sa kultura na gusto nating likhain. Dapat mong isaalang-alang na tanungin ang iyong superbisor kung may mga partikular na dahilan kung bakit ang iyong mga ideya ay hindi kinikilala. Kung hindi nito malutas ang problema, makipag-usap sa isang mas mataas na tagapamahala o gamitin ang anuman sa iba pang mga mapagkukunan na magagamit para sa pagsasabi ng mga alalahanin, tulad ng pakikipag-usap sa HR o pakikipag-ugnayan sa Integrity Helpline.

# Pantay na pagkakataon at pagpigil sa diskriminasyon



## Pagsuporta at Pagsusulong sa ating mga Tao

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Hinihikayat natin ang mahuhusay na tao, pinauunlad ang kanilang mga potensiyal at sinasanay sila upang magtagumpay.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Tinatanggap natin at itinataas ang ranggo ng mga pinakamahusay at pinakamatalino. Ibinabatay natin ang mga desisyon sa kuwalipikasyon, mithiin at pagganap, hindi sa pagtatangi o pagkiling. Ang pagbibigay sa bawat isa ng pantay na pagkakataon ay ang tamang bagay na dapat gawin. Hindi natin pinapayagan ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, pagbubuntis, edad, kapansanan, oryentasyong seksuwal, pagkakakilanlan ng kasarian, katayuan sa pag-aasawa, serbisyong militar o anumang iba pang katayuan na protektado ng batas.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Hinihikayat, pinauunlad at pinanatili natin ang mahuhusay na empleyado sa pamamagitan ng:

- Makatarungang pagtrato sa mga tao at pagtuon sa halaga na kanilang inihahatid sa Johnson Controls
- Paggawa ng mga desisyon tungkol sa pangangalap, pagsasanay, pagtataas ng ranggo at pagdisiplina batay sa kahusayan
- Pagbibigay ng mga makatwirang kaayusan para sa kapansanan
- Pagtangging tanggapin ang anumang kadahilanan para sa diskriminasyon—wala naman

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Narinig kong sinabi ng aking superbisor na hindi niya gusto ang mas matatandang manggagawa sa kanyang pangkat. Sinabi niyang hindi siya nandidiskrimina—hindi lamang nila kayang makasabay sa mga kinakailangang bilis ng ating produksiyon. Tama ba siya?

**S:** Hindi, hindi siya tama. Hindi angkop at hindi tugma sa mga pagpapahalaga at kultura na ating itinataguyod ang mga pangkalahatang paniniwala o pahayag tungkol sa isang tao o grupo ng mga tao batay sa kanilang edad o iba pang personal na katangian. Maaari ding humantong ang mga ito sa mapanghamak na mga pagkilos. Dapat husgahan ang bawat isa ayon sa kanilang kakayahan at pagganap. Ang isang kapaligiran ng trabaho na kung saan makatarungang tinatrato ang lahat ay nakatutulong na matiyak ang isang kultura na nagtitiwala, masigla at mahusay ang pagganap.

# Pagkapribado ng data ng empleyado



## Pangangalaga sa Personal na Impormasyon

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Pinangangalagaan natin ang personal na impormasyon ng ating mga empleyado, kandidato, supplier at customer.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Kailangang kolektahin, iimbak, gamitin at ibahagi ng Johnson Controls ang personal na impormasyon upang matulungan tayong patakbuhin ang ating negosyo. Kailangan natin ang personal na impormasyong ito para sa maraming iba't ibang layunin, kabilang ang ating mga relasyon sa negosyo sa mga customer at supplier, pangangasiwa ng mga benepisyo ng empleyado at pagsunod sa mga kinakailangan ng batas. Iginagalang ng Johnson Controls ang karapatan ng isang tao sa pagkapribado. Sa maling mga kamay, maaaring magamit ang personal na impormasyon upang matukoy ang mga indibidwal, magnakaw ng mga pagkakakilanlan o gumawa ng pandaraya. Bilang Isang Pangkat, binabantayan natin ang bawat isa—sa lugar ng trabaho at sa online.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Pinangangalagaan natin ang personal na impormasyon sa pamamagitan ng:

- Pagkolekta, pagproseso at paggamit lang ng personal na impormasyon para sa mga lehitimong layuning pang-negosyo at pagkolekta lamang ng daming kinakailangan para sa layuning iyon
- Pagiging bukas at malinaw tungkol sa kung bakit at paanong ang personal na impormasyon ay kinokolekta, pinoproseso at ginagamit
- Hindi kailanman pagbabahagi ng personal na impormasyon na higit sa kung ano ang kailangan, o pagbabahagi nito sa sinumang walang pangnegosyong pangangailangan na makaalam
- Pangangalaga sa personal na impormasyon na kinokontrol natin at ligtas na pagtatapon nito kapag hindi na kailangan para sa orihinal na layunin
- Pagsunod sa lahat ng mga naaangkop na batas sa pagkapribado at sa ating Patakaran sa Pagkapribado

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Isang kaibigan sa aking pangkat ang kamakailang nagkaroon ng sanggol. Nais ng lider ng aming pangkat na magpadala sa kanya ng mga bulaklak sa pangalan ng kompanya, na sa palagay ko ay magandang ideya. Dahil alam niya na kaming dalawa ay magkaibigan at magkalapit ang tinitirhan, tinanong niya akin ang address ng bahay ng aking kaibigan. Hindi komportable ang aking pakiramdam na ibigay sa kanya ang address nang hindi muna hinihingi ang pahintulot ng aking kaibigan. Ngunit ayaw kong sirain ang sorpresa kaya ano ang dapat kong gawin?

**S:** Mataimtim nating pinangangalagaan ang personal na impormasyon, ito man ay pag-aari ng mga empleyado, customer o iba pang kasosyo sa negosyo. Tayong lahat ay may responsibilidad na pangalagaan ito at pinapayagan lamang na gamitin ito para sa tamang mga layunin at ng mga tao na may pahintulot na gamitin ito. Ang pagpapayag na mapunta sa maling mga kamay ang personal na data ay maaaring magkaroon ng mapaminsalang kahihinatnan, potensiyal na pagtulong sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan at iba pang krimen. Sabihin sa lider ng inyong pangkat na mas gusto mo sa siya ang gumawa ng mga pagsasaayos sa pakikipagkonsulta sa HR partner ng inyong pangkat.



MGA PAGPAPAHALAGA MUNA AT

# PAGWAWAGI PARA SA MGA CUSTOMER

# Kalidad at kaligtasan ng produkto



## Paghahatid ng Mahuhusay na Produkto at Solusyon

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Nakatuon tayo sa paghahatid ng pinakamataas na halaga sa ating mga customer sa pamamagitan ng ligtas at makabagong mga produkto at solusyon.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Nais natin ang mga customer na nanatili sa atin sa pangmatagalang panahon, mga customer na nagtitiwala sa atin na maunawaan, asahan at matugunan nang mas mahusay ang kanilang mga pangangailangan kaysa sa ating mga kakumpitensiya. Hindi tayo kailanman kampante, palaging naghahanap ng bago at mas mahusay na paraan upang maging customer driven. Habang ipinagpapatuloy natin ang magpabago, hindi natin inilalagay sa kompromiso ang kalidad o kaligtasan ng ating mga produkto at serbisyo.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Naghahatid tayo ng kahusayan sa ating mga customers sa pamamagitan ng:

- Paglikha ng kapaligiran na nagtataguyod ng kalidad at makabagong ideya para sa ating mga produkto at solusyon
- Hindi kailanman gumagawa ng mga shortcut na maaaring ilagay sa kompromiso ang kalidad o kaligtasan ng anuman sa ating mga produkto at solusyon
- Pagkolekta at pakikinig sa feedback ng customer
- Kaagad na pag-uulat ng anumang alalahanin tungkol sa kaligtasan o kalidad ng produkto

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Nakasama ako sa isang muling pagdidisenyo ng produkto kamakailan. Inabot nang halos mahigit isang taon para matapos ang proseso at nagresulta sa pinaniniwalaan naming produkto na may pinakamakabagong teknolohiya sa kategorya nito. Gayunman, nag-aalala ako na maaring may natukoy akong isang depekto sa disenyo na maaaring, sa ilang pangyayari, ay gawing mag-short circuit ang produkto at maging sanhi ng sunog. Nabanggit ko ito sa aming tagapamahala. Tiniyak niya sa akin na napakaliit ng peligro at hindi namin dapat hulaan ang isang napakalawak na proseso ng pagsusuri. Ako ay nililigalig nito dahil maaaring may masaktan. Tumanggi ang aking tagapamahala na higit pang talakayin ang usapin. Sino ang maaari kong makausap?

**S:** Isang mahalagang alalahanin ang kaligtasan para sa atin—kapag nagdidisenyo at bumubuo ng ating mga produkto at pagkatapos umalis ng mga ito sa pagawaan. Dapat kang makipag-usap alinman sa isang nakatataas na tagapamahala ng pangkat ng Engineering o makipag-ugnayan sa Compliance team, ang inyong lokal na kinatawan ng EHS o isang miyembro ng pangkat ng EHS ng kompanya o magsumite ng ulat sa Integrity Helpline. Sa ganoong paraan, maaaring maayos na masuri at mapabilis ang iyong alalahanin, kung kinakailangan.

# Matapat na mga gawi sa marketing, pagbebenta at serbisyo



## Marketing at Matapat na Pagbebenta

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

May tiwala at matapat tayong nagsasalita tungkol sa kahalagahan na ihinahatid natin sa customer dahil itinatatag nito ang tiwala sa ating tatak.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Inuuna ng Johnson Controls ang integridad. Ipinapangako natin ang katapatan at pagiging bukas sa lahat ng kasama natin sa negosyo. Nagsisimula ang pagwawagi sa negosyo at pagkuha ng tiwala ng customer sa kung paano natin ipinakikita ang ating mga solusyon sa merkado. Ipinakikita natin kung paano tayo nagdadagdag ng pagpapahalaga sa isang malinaw at matapat na paraan, at naghahatid tayo batay sa ating mga pangako.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

May tiwala at matapat nating ipinapakita ang ating tatak sa pamamagitan ng:

- Tumpak na pagpapakita ng mga kakayahan ng ating mga produkto at serbisyo
- Pagtiyak na natutugunan ng mga materyales at kontrata ng marketing ang mga legal at pangregulasyon na kinakailangan
- Pagtuon sa mga benepisyo ng ating mga solusyon, at hindi pagpuna sa ating mga kakumpitensiya nang hindi makatarungan
- Pag-iwas sa mga taktika ng pagbebenta na mataas ang pressure at “overselling”
- Pagkuha ng tamang awtoridad para tapusin ang mga deal o lumagda sa mga kontrata
- Pagtugon sa isang napapanahong paraan sa mga katanungan at alalahanin ng customer

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Sa isang kamakailang pulong sa pagbebenta, sinagot ng aking kasamahan nang tumpak ang isang teknikal na tanong ng isang malamang na customer subalit, sa aking palagay, ay hindi kumpleto. Hindi gustong salungatin ang aking kasamahan sa harap ng customer, tinanong ko siya sa loob ng taxi pagkatapos. Sinabi niya, “Tama ang aking ipinakita sa customer at hindi mahalaga sa kanilang desisyon ang kaunting bagay na nakalimutan kong banggitin. Dahil sinabi nila sa atin na tayo ay nasa shortlist, maaari nating linawin ito sa susunod na pulong.” Sa pakiramdam ko ay hindi tayo dapat maghintay at dapat tiyakin na ganap na may alam ang customer.

**S:** Tama ang iyong pakiramdam. Kapag ipinakikilala natin ang ating mga produkto at solusyon sa merkado, dapat nating ibigay ang kumpletong larawan upang makagawa ng ganap na may kaalamang desisyon ang mga customer at prospect. Ang pagbalik upang linawin ang mga detalye sa puntong ito ay isang magandang paraan upang makuha ang paggalang at tiwala ng customer. Ang customer ang dapat magpasya kung ano ang mahalaga para sa kanila. Kung nakapagbenta tayo batay sa maling pagkaunawa, may peligro tayong masira hindi lang ang isang relasyong pangnegosyo, kundi pati ang ating reputasyon.

# Pagkapribado ng data ng customer



## Pangangalaga sa Tiwala ng Customer

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Pinangangalagaan natin ang kumpidensiyal na impormasyon na ipinagkatiwala sa atin ng mga customer.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Ang pagiging customer driven ay tungkol sa mahigit pa sa pagtupad ng mga pangako at pagtugon sa mga inaasahan. Sa kaibuturan nito, ito ay tungkol sa pagpapatuloy na makuha ang tiwala ng mga customer sa pagpapakita na inaalagaan natin ang kanilang mga interes at pati na rin ng sa atin. Ang kumpidensiyal na impormasyon ay kasing halaga para sa ating mga customer tulad ng sa atin; maaaring maging sanhi ng malubhang pinsala sa pinansiyal at reputasyon ang hindi awtorisadong paggamit o pagbubunyag nito. Gumagawa tayo ng mga pag-iingat upang pangalagaan ang kumpidensiyal na impormasyon na ipinagkatiwala sa atin.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Pinangangalagaan natin ang tiwala ng customer sa pamamagitan ng:

- Pagiging kasing ingat sa mga kumpindensiyal na impormasyon ng mga customer kagaya ng sa atin
- Paggawa ng mga angkop na hakbang panseguridad upang pangalagaan ang impormasyon ng mga customer
- Pagbubunyag ng kumpidensiyal na impormasyon ng mga customer doon lamang sa mga awtorisado at may pangangailangang pangnegosyo na malaman ito
- Hindi pagbabahagi ng kumpidensiyal na impormasyon ng customer sa kaninuman sa labas ng ating Kompanya maliban kung ipinahintulot ng customer
- Pagpalagay na ang impormasyon ay kumpidensiyal maliban kung at hanggang makumpirma natin na ito ay hindi
- Pagsunod sa angkop na mga batas sa privacy at sa ating Patakaran sa Pagkapribado
- Kaagad na pakikipag-ugnayan sa Compliance team o Law Department kung alam natin o naghihinala na hindi sinasadyang maling ginamit sa anumang paraan ang impormasyon ng customer

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Sa panahon ng 10 taon ko sa Johnson Controls, nagtrabaho ako kasama ang maraming grupo at nakabuo ng matatag na relasyon sa buong Kompanya. Humiling ang isang kaibigan mula sa huling grupo kung mapapadalhan ko siya ng lista ng mga email address ng mga customer upang mas mahusay niyang mai-market ang isang bagong serbisyo. Alam ko na tayo ay Isang Pangkat at gusto kong tulungan ang aking kaibigan; hindi lang ako tiyak kung dapat kong ibahagi ang impormasyong ito, kahit sa loob. Paano ko pamamahalaan ang kahilingang ito?

**S:** Kaugnay ng paggana bilang Isang Pangkat ang paghahanap ng mga paraan upang makipagtulungan sa ating buong organisasyon, at nangangahulugan din ito ng pagbabahagi ng responsibilidad upang matugunan ang ating mga legal at etikal na obligasyon. Kabilang dito ang obligasyon na pangalagaan ang impormasyon ng customer, na ang karamihan ay kumpidensiyal. Kung ang gayong impormasyon ay inilabas nang walang pahintulot, maaari itong mapunta sa maling mga kamay, na naglalagay sa peligro sa customer at sa ating reputasyon. Huwag ibahagi ang hinihiling na impormasyon at paalalahanan ang iyong kaibigan na nagtitiwala sa atin ang mga customer na gamitin lamang ang kanilang impormasyon para sa mga layunin na kung saan ang mga ito ay ibinigay; kailangan nating hingin ang kanilang pahintulot bago ito ibahagi para sa iba pang paggamit.

# Pagsunod sa mga kontrata ng gobyerno



## Paggalang sa mga Espesyal na Obligasyon sa ating mga Customer sa Gobyerno

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Itinuturing nating isang pribilehiyo ang paglingkuran ang mga customer sa gobyerno at nag-iingat na matupad ang ating mga espesyal na obligasyon para sa kanila.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Tayo ay customer driven. Kinikilala natin na ang mga customer sa gobyerno ay palaging may iba't ibang kailangan kaysa sa mga customer sa pribadong sektor. Dapat nating bigyan ng masusing pansin ang mga kautusang ito at sundin nang wasto ang mga ito. Titiyakin nito na nakatuon tayo sa kung ano ang mahalaga sa ating mga customer at maiwasan ang mga parusa na maaaring makasama sa ating negosyo o reputasyon.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Ipinapakita natin ang ating pangako sa paglilingkod sa mga customer sa gobyerno sa pamamagitan ng:

- Pagsasanay sa ating mga sarili sa mga mahahalagang kautusan ng ating mga kontrata sa gobyerno
- Pagsunod sa lahat ng mga naaangkop na batas para sa mga kontrata sa mga gobyerno at sa mga pag-e-export ng mga produkto o data, pati na rin ang ating Federal Government Contracting Policy
- Pagsunod sa mga patakaran sa pag-hire o pakikipagtrabaho sa mga kasalukuyan o dating empleyado ng gobyerno
- Tiyak na alam kung paano at kailan tutugon sa mga pangangalap ng gobyerno para sa nilalaman
- Pagiging maingat sa maselang impormasyon o may ibang mga espesyal napagbabawal
- Pagtiyak na tumpak at makatotohanan ang bawat dokumento o komunikasyon
- Kapag iniuutos, paggamit ng kasalukuyan, tumpak at may patunay na data ng halaga o presyo kapag nagsusumite ng mga panukala
- Pag-iwas sa pagtanggap ng hindi awtorisadong impormasyon tungkol sa mga kakumpitensiya

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Pinamamahalaan ko ang procurement para sa mga kontrata ng Pederal na Gobyerno. Natuklasan ko pa lang, dalawang buwan na ang nakakaraan, na gumawa ang isang supplier ng maliit na pagbabago sa mga detalye ng isang component na ginagamit sa mga produktong ibinibenta sa mga customer sa gobyerno. Sinabi sa akin ng supplier na hindi ipinagbigay-alam sa atin ang pagbabago dahil napakaliit nito at, pinapatunayang, napahusay ang component. Subalit, nag-aalala ako na ang mga kamakailang shipment sa ating mga customer ay maaaring hindi sumusunod sa mga kaugnay na kontrata sa gobyerno dahil sa pagbabagong ito.

**S:** Tama ka na maging nag-aalala. Kapag nakikitungo sa mga customer sa gobyerno, dapat nating sundin nang wasto ang mga iniuutos ng kontrata. Kapag nabigo tayong gawin iyon—kahit na sa isang paraan na mukhang maliit at hindi mahalaga, o kahit na isang pagbabago na sa palagay natin ay magpapahusay sa item—maaaring magsimula ang resultang paglabag sa kontrata hindi lang ng mga multang salapi kundi, maaaring, ang peligro ng pagiging suspendido o maging ang maipagbawal mula sa mga trabaho sa gobyerno. Dapat kaagad na iulat ang problema sa Law Department para sa payo kung paano magpatuloy, dahil maaari nitong kailanganin ang pagbubunyag sa gobyerno.

# Pagsunod sa mga kontrata ng gobyerno



## Bakit May Espesyal na Ipinag-uutos ang Mga Kontrata sa Gobyerno

Ang mga bansa na ang mga gobyerno ay pinaglilingkuran natin ay may mga batas na nakadisenyo upang makatulong na matiyak na: ang pampublikong mga pondo ay ginagastos nang tama; ang mga proseso sa procurement at pakikipagkontrata ng gobyerno ay pinamamahalaan nang nakalantad, matapat, responsible at hindi nababago; at na ang pambansang seguridad at ang kapakanan ng publiko ay pinangangalagaan.

Marami sa ating mga kontrata sa gobyerno ay sa Pederal na Gobyerno ng Estados Unidos. Kabilang sa mga halimbawa ng mga batas at regulasyon na nagpapataw ng masalimuot at mahigpit na pag-uutos sa mga kontratang ito ang:

- **Pinamamahalaan ng Federal Acquisition Regulation** (FAR) ang paraan na kung saan ang mga ahensiya ng gobyerno ay bumibili o umuupa ng mga produkto at serbisyo
- **Saklaw ng Defense Federal Acquisition Regulation Supplement** (DFARS) ang mga pangangailangan sa procurement ng industriya ng pagtatanggol
- **Pinamamahalaan ng International Traffic in Arms Regulations** (ITAR) ang pag-export at pag-import ng mga bagay at serbisyo na may kaugnayan sa pagtatanggol



MGA PAGPAPAHALAGA MUNA AT

# PAGWAWAGI SA MERKADO

# Pagsunod sa internasyonal na kalakalan



## Pagnenegosyo sa Buong Mundo

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Bilang isang Kompanya na gumagana sa buong mundo, sumusunod tayo sa lahat ng mga regulasyon at ipinagbabawal ng pangangalakal na naaangkop sa atin.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Ipinagmamalaki natin na magkaroon ng mga customer at operasyon sa maraming bansa sa buong mundo. Sinusunod natin ang mga batas na naaangkop kahit saan tayo nagnenegosyo, pati na rin iyong ipinapatupad sa pandaigdigang kalakalan. Para sa pambansang seguridad, mga kadahilanang pulitikal o pang-ekonomiya, maaaring kontrolin ng gobyerno ang pag-import at pag-export ng mga sensitibong kagamitan at data; maaari din nilang higpitan ang negosyo sa ilang partikular na grupo, indibidwal o bansa. Hindi lang naiiwasan ang mabibigat na multa, pagkawala ng permiso at pagkakabilanggo ng pagsunod sa mga regulasyon ng pangangalakal, nakatutulong din ito na gawing mas ligtas na lugar ang daigdig.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Responsible nating ginagawa ang ating negosyo sa buong mundo sa pamamagitan ng:

- Pagsunod sa mga patakaran at pamamaraan ng Kompanya na nakadisenyo na tugunan ang mga regulasyon sa pangangalakal, kabilang ang ating Trade Compliance Policy
- Hindi sadya ang pagma-market, pagbebenta o pagbibigay ng mga serbisyo sa kaninuman sa U.S., E.U. o iba pang naaangkop na mga listahan ng embargo o sanction
- Pagsunod sa lahat ng paghihigpit na pangkontrata o legal sa pag-access sa impormasyon ng customer
- Pagsasagawa ng mga pagtatasa ng peligro at sariling pagsisikap na suriin ang mga ikatlong-partidong organisasyon na balak nating makipag-negosyo sa atin
- Pag-aalerto sa Law Department kung ang sinumang mga customer, supplier o iba pa ay hinihiling sa atin na lumahok sa isang boycott

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Napapansin ko na ang Johnson Controls ay palaging sinasaliksik ang mga potensiyal na bagong merkado para sa ating mga produkto at solusyon. Nakipag-ugnayan sa akin kamakailan ang isang distributor sa ibang bansa para sabihin na nakatatanggap siya ng mga tanong tungkol sa isang linya ng produkto na hindi natin dating ibinenta sa bahaging iyon ng mundo. Alam ko na kung minsan ay may mga paghihigpit sa kung saan maaari tayong magbenta ng mga produkto at ang mga paggamit na maaari gamitin ang mga ito. Hinilinng ko sa distributor na sagutin ang ilang katanungan para matulungan ako na maunawaan ang nilalayon na end user at end-use. Malabo ang kanyang mga sagot at mukhang binawasan niya ang aking mga alalahanin. Sa palagay ko ay hindi niya nauunawaan ang mga posibleng peligro. Ano ang dapat kong gawin?

**S:** Matalino ka para ipahayag ang pagsunod sa pandaigdigang kalakalan. Mahalaga na masuri ang anumang oportunidad sa merkado sa ibang bansa para sa mga ganitong uri ng peligro. Dapat mong ipagpatuloy ang iyong mga pagtatanong sa distributor, dahil hindi tayo makakapag-supply ng mga produkto nang walang ganap na pagkaunawa sa mga nilalayon na end-user at end-use. Ipaabot din sa pangasiwaan ang potensiyal na problema sa pandaigdigang kalakalan, sa Trade Compliance Team o Law Department para sa tulong.

# Patas na kumpetisyon/antitrust



## Makatarungang Pagnenegosyo

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Malakas at makatarungan tayong nakikipagkumpitensiya, tinatalo ang ating mga kakumpitensiya sa pamamagitan ng napakataas na kalidad at halaga.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Naniniwala tayo sa isang malaya at mapagkumpitensiyang merkado. Nag-aalok ito sa atin ng pinakamahusay na pagkakataon para ipakita ang pagkakaiba ng tatak na Johnson Controls. Sa pagiging customer driven at pagbibigay ng pinakamagaling na klase ng serbisyo, natatalo natin ang kompetisyon at nagtatag ng pangmatagalang tiwala sa ating tatak. Ang mga batas na nakadisenyo na itaguyod ang malayang mga pamilihan—kilala bilang mga batas ng antitrust sa Estados Unidos at mga batas ng patas na kompetisyon sa karamihan sa iba pang bansa—ay masalimuot; maaaring humantong sa mabibigat na parusa ang mga paglabag. Alam natin na maging ang paglitaw ng pakawalang-katarungan o panlilinlang sa ating mga gawing pangkumpitensiya ay maaaring makasama sa ating reputasyon at ilantad tayo sa pananagutang legal.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Nagwawagi tayo sa negosyo sa tamang paraan sa pamamagitan ng:

- Pag-iwas sa mga pormal at hindi pormal na mga kasunduan o mga pattern ng pag-uugali sa ating mga kakumpitensiya upang:
    - Pagsingil ng partikular na presyo para sa isang serbisyo (pagpirmi ng presyo)
    - Pagmanipula ng proseso ng pagtawad (bid rigging)
    - Paghahati ng mga merkado ayon sa heograpiya o customer (alokasyon ng merkado)
- Matapat, tumpak at walang pagmamalabis na pagpapakita ng ating halaga ng panukala
- Hindi kailanman maling nanghihimasok sa umiiral na mga kontrata sa negosyo ng ating mga customer
- Pagbasa at pag-unawa sa Global Antitrust and Fair Competition Policy
- Hindi kailanman inaabuso ang ating katayuan sa market-share

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Habang naghihintay sa pagsisimula ng isang panel na talakayan sa MetroExpo ng taong ito, nakausap ko ang sales director ng isang kakumpitensiya. Itinanong niya kung napansin ko na partikular na mahirap pakitunguhan ang opisyal ng Facilities Procurement sa isang pangunahing lungsod na pareho nating sinusuportahan; ipinalagay niya ang tungkol sa kung ano ang mangyayari kung ang mga kompanya katulad ng sa atin ay tumanggi na makipagnegosyo sa lungsod. Hindi ako naging kumportable sa pakikipag-usap tungkol sa isang kaparehong customer kaya nagkunwari akong sumagot sa isang tawag sa telepono at pumunta sa isang upuan sa kabilang panig ng auditorium. Paano dapat akong tumugon?

**S:** Tama ka sa pagtatapos ng usapan. Magiging mahusay rin na iulat ang alalahanin mo sa Law Department sa lalong madaling panahon. Mahahalagang lugar ang mga trade show at pulong ng samahan para matuto at mapanatiling may alam sa ating industriya. Subalit, maaaring puno ng peligro ng mga paglabag sa batas ng kompetisyon ang mga pakikipag-ugnayan sa mga kakumpitensiya sa mga ganoong kaganapan. Ang pakikipag-usap sa isang kakumpitensiya tungkol sa pag-boycott sa isang kaparehong customer ay maaaring ituring na tangka na bumuo ng ilegal na kasunduan para itangi ang mga kompanya mula sa isang partikular na merkado o bigyan ng pressure ang ilang partikular na customer na "umayon sa patakaran."

# Integridad ng pananaliksik at etikal na paghahanap ng mapagkumpitensiyang katalinuhan



## Matalinong Pagnenegosyo

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Pinanatili nating may alam tayo tungkol sa mga uso at oportunidad sa merkado sa pamamagitan ng etikal na pananaliksik.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Ang pagsubaybay sa mga pag-unlad sa ating mga merkado upang maunawaan ang mapagkumpitensiyang tanawin ay nakatutulong sa atin na patuloy na pahusayin at mahulaan ang mga pangangailangan ng ating mga customer. Inuuna natin ang integridad at palaging etikal na kumakalap ng impormasyon tungkol sa ating mga kakumpitensiya.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Angkop tayong kumakalap ng mapagkumpitensiyang katalinuhan sa pamamagitan ng:

- Pagiging makatotohanan tungkol sa ating pagkakakilanlan at mga motibo kapag gumagawa ng mga pagtatanong
- Hindi gumagamit ng ikatlong partido para lumahok sa mga pagkilos na hindi natin gagawin sa ating mga sarili
- Hindi hinihiling sa mga kasamahan (o malamang na mga empleyado) na ibunyag ang kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa kanilang dating mga employer

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Nagtatrabaho ako sa pagpapaunlad ng negosyo, at nasa proseso ako ng pakikipagkasundo at pagtatapos ng isang panukalang tawad para sa isang malaking proyekto. Ngayong araw, natanggap ko ang isang email mula sa tagapamahala ng procurement ng isang malamang na customer, at nang hindi sinasadya ay nailakip niya ang isa sa mga panukala ng ating kakumpitensiya sa halip na ang aking panukala na naka-mark up. Napansin ko na ang presyo ng kakumpitensiya ay mas mababa ng 25 porsiyento kaysa sa ating tawad. Gusto kong ibaba ang presyo sa ating tawad upang magapi ang kompetisyon. Puwede ko bang gawin iyon?

**S:** Hindi. Iniaatas sa atin ng ating pagpapahalaga na Integridad Muna na mangalap at gumamit ng mapagkumpitensiyang katalinuhan nang naaayon sa batas at etikal. Dito, ang pagsasamantala sa pagkakamali ng ating customer ay lalabag sa kanilang pagtitiwala. Kung sakaling malaman ng publiko na sinamantala natin ang isang customer sa ganitong paraan, mailalagay nito sa panganib ang ating reputasyon sa katapatan at patas na pakikitungo at maaari tayong humantong sa pagkawala ng kontrata. Sa halip na gamitin ang impormasyong ito, dapat mong ipaalam sa customer ang tungkol sa pagkakamali at sabihin sa kanya tatanggalin mo ang email at ang kalakip nito. Dapat mo ring ipaalam sa Law Department ang pagkakamali para tiyakin ang naaangkop na dokumentasyon, at patuloy na tumuon sa mga kalakasan ng iyong orihinal na panukala. Tandaan, ang magandang pamantayan sa pagpapasya kung paano tratuhin ang mapagkumpitensiyang katalinuhan ay ang pag-iisip kung ano ang ating mararamdaman kung ginawa sa atin ng ating kakumpitensiya ang parehong bagay.

# Panunuhol at iba pang anyo ng katiwalian



## Matapat na Pagnenegosyo

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Nagwawagi tayo at napapanatili ang negosyo sa kalakasan ng ating halaga ng panukala at sa pagtatag ng mga relasyon ayon sa pagiging bukas at pagtitiwala.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Pinatatatag ang ating reputasyon bilang isang mapagkakatiwalaan at maaasahang kasosyo sa negosyo ng pag-una sa integridad. Wala tayong interes sa "pagbili" ng negosyo, ni sa pakikitungo sa mga humihikayat o pinapayagan ang mga gawing tiwali. Napinpinsala ng katiwalian ang mga komunidad, pinasasama ang merkado at ginagawang mas mahirap para sa lahat ang magnegosyo. Hindi alintana ang mga lokal na kaugalian o mga gawi ng ibang kompanya, nilalabanan natin ang katiwalaan sa lahat ng anyo nito. Iniiwasan natin kahit na ang paglitaw ng hindi tamang pagkilos, ito man ay pakikitungo sa mga opisyal ng gobyerno o pribadong kompanya.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Masigla nating tinututulan ang pagsuhol at iba pang anyo ng katiwalian sa pamamagitan ng:

- Hindi kailanman pag-aalok, pangangako o pagbibigay ng anumang bagay na may halaga sa isang opisyal ng gobyerno o sinuman upang makakuha ng pakinabang sa negosyo
- Pagtangging tumanggap ng mga suhol o kickback at pagbibigay-alam sa Compliance Department kung sila ay inalok
- Pagpapanatili ng tumpak at kumpletong talaan upang lahat ng pagbabayad ay matapat na nakadetalye at hindi ginagamit ang mga pondo ng Kompanya para sa mga layuning labag sa batas
- Pagsasagawa ng angkop na kaukulang pagsisikap sa lahat ng ating mga provider na ikatlong partido
- Hindi paggamit ng isang ahente o iba pang ikatlong partido upang gumawa ng mga maling pagbabayad na hindi natin mismo gagawin
- Pagsunod sa ating Patakaran sa Paglalakbay, Mga Regalo at Paglilibang ng Ikatlong Partido at Patakaran Laban sa Katiwalian nang masigasig
- Pag-uulat ng anumang alalahanin tungkol sa isang posibleng maling pagbabayad

# Panunuhol at iba pang anyo ng katiwalian



MAG-ISIP MUNA

**T:** Tumatawad ang aking pangkat sa isang malaking proyekto na muling pagpapaunlad ng lungsod sa isang umuunlad na merkado. Kahit na hindi natin kailangan ng kasosyo upang maging matagumpay sa proyekto, mahigpit na inirerekomenda ng opisyal ng procurement ng pamahalaan ng lungsod na makipagpulong tayo sa isang lokal na kompanya upang talakayin na gamitin sila bilang ating subcontractor. Lumilitaw na ang CEO ng kompanyang iyon at ang opisyal ng gobyerno ay may kaugnayan. Dapat ba tayong magpatuloy sa pulong?

**S:** Mayroong mga babala ng katiwalian dito. Ang isa ay ang mungkahi na makukuha natin ang negosyo kapalit ng paggamit ng isang subcontractor na may malapit na relasyon sa opisyal ng gobyerno, at ang isa pa ay ang katotohanan na hindi natin kailangan ang subcontractor para magbigay ng mga produkto at serbisyo sa customer na ito. Maaaring maraming anyo ang katiwalian at hindi laging sangkot ang direktang pagsuhol sa isang opisyal ng gobyerno. Sa sitwasyong ito, dapat mong ipaalam sa opisyal ng procurement na hindi kailangan ang inirerekomendang subcontractor at magalang na tanggihan ang pulong. Kung mayroon kang anumang alalahanin sa lahat, makipag-usap sa Compliance o sa Law Department.

### KATIWALIAN BA IYON?

Maaaring maraming anyo ang katiwalian at dapat nating bantayan ang mga babala ng panganib. Kabilang dito ang ibang mga partido:

- Pagtanggi na sumang-ayon sa ating Pandaigdigang Pamantayan ng Supplier
- Pagtutol sa mga kinakailangan ng kontrata laban sa katiwalian
- Pagpapanatili ng malapit na relasyon sa mga opisyal ng gobyerno
- Paghiling ng hindi karaniwang matataas na komisyon, pagbabayad ng cash, o pagbabayad sa mga account sa pangalan ng ibang tao
- Pag-aalok ng kaduda-dudang mga kwalipikasyon upang maisagawa ang mga kinakailangang serbisyo
- Pagkakaroon ng reputasyon para sa kaduda-dudang gawi sa negosyo

# Mga karapatan sa intelektuwal na pag-aari at pangkalakal ng ikatlong partido



## Magalang na Pagnenegosyo

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Iginagalang natin ang mga karapatan sa intelektuwal na ari-arian at pangkomersiyo ng iba gaya ng gusto nating igalang nila ang sa atin.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Iginagalang natin ang mga karapatan sa intelektuwal na ari-arian at pangkomersiyo ng iba. Hindi tayo kumukuha ng karangalan para sa o nagnanakaw ng anumang ideya na hindi natin sariling likha. Nauunawaan natin na ang paggamit ng protektadong mga karapatan ng iba nang walang pahintulot ay labag sa batas, at maaaring maglantad sa atin sa legal na pananagutan.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Ginagawa natin ang magalang na pagnenegosyo sa pamamagitan ng:

- Paggalang sa mga ideya, proseso at gawa na nilikha ng iba at hindi paglabag ng kanilang protektadong mga karapatan
- Paggamit lang ng mga ari-arian ng ikatlong partido, tulad ng software, musika, mga video at content na nakabatay sa text, na may pahintulot at alinsunod sa mga kaugnay na lisensiya
- Paggamit lang ng software at mga proseso na inaprubahan ng ating Kompanya
- Pagsunod sa mga naangkop na batas sa intelektuwal na ari-arian



MGA PAGPAPAHALAGA MUNA AT

# PAGWAWAGI PARA SA MGA MAMUMUHUNAN

# Mga Salungatan ng Kapakinabangang



## Pagkilos sa mga Pinakamahusay na Interes ng Kompanya

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Gumagawa tayo ng matatalino at may layuning pagpipilian na naglalagay sa Kompanya at sa ating mga customer bago ang mga personal na pakinabang.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Magkakasama tayong nagtatrabaho para magwagi para sa ating mga customer. Hindi natin pinapayagan ang mga personal na interes o relasyon upang mapunta sa daan ng pagwawagi bilang Isang Pangkat. Gumagawa tayo ng mga desisyon nang bukas, pinag-iisipan at may integridad; nakikinabang dito ang ating negosyo at ipinapakita sa lahat na maaari tayong pagkatiwalaan na gawin ang tamang bagay.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Kumikilos tayo sa pinakamahusay na interes ng Kompanya sa pamamagitan ng:

- Paggawa ng walang kinikilingan na desisyon sa negosyo batay sa mga may kaugnayan na katotohanan at mabuting paghatol
- Pag-iwas sa mga sitwasyon na kung saan ang isang desisyon ay maaaring maimpluwensiyahan—o magmukhan naimpluwensiyahan—ng mga magkakasalungat na kapakinabangan (gaya ng posibleng personal na pakinabang)
- Pagbubunyag ng isang salungat na kapakinabangan na hindi maaaring maiwasan upang mapamahalaan ito nang sapat
- Paghingi ng payo kapag hindi tayo tiyak kung may problema

### ANO ANG SALUNGAT NA KAPAKINABANGAN?

Umiiral ang isang salungat na kapakinabangan kapag ang mga relasyong panlipunan o pampamilya, mga gawain sa labas ng trabaho, mga pinansiyal na pamumuhunan o iba pang personal na pakinabang ay nasa panganib ng pagsagabal sa ating kakayahan na gumawa ng walang kinikilingan na mga desisyon sa pangalan ng Kompanya. Dapat tayong mag-ingat upang iwasan maging ang paglitaw ng isang salungat na kapakinabangan dahil magagawa nitong isipin ng iba na tayo ay kumikilos nang mali.

### TANUNGIN ANG SARILI MO:

Magagawa ba ng aking panukalang desisyon o pagkilos na:

1. Maramdaman kong obligado sa ibang tao?
2. Maging hindi naaayon sa mga pagpapahalaga ng Johnson Controls?
3. Maimpluwensiyahan (kahit kaunti) ng mga pagsasaalang-alang na personal o pampamilya?
4. Magbigay ng pagpapakita na hindi ko inuuna ang pinakamahusay na interes ng Kompanya?

Kung ang sagot sa alinmang mga tanong na ito ay “oo” o “siguro,” mahalagang humingi ng payo gamit ang mga mapagkukunan na nakalista sa pahina 10. Kung sa palagay mo ay maaaring mayroon kang salungat na kapakinabangan, dapat mo itong ibunyag sa ComplianceForms.jci.com.

Maaaring magkaroon ng maraming anyo ang mga salungat na kapakinabangan. Sinasaklawan ng mga sumusunod na gabay ang ilan sa mga mas karaniwang sitwasyon. Tingnan din ang ating Patakaran sa Salungat na Kapakinabangan.

# Mga Salungatan ng Kapakinabangang



## Mga Kamag-anak at Kaibigan

Hindi natin pinapayagan ang kagustuhan na tumulong sa mga kaibigan at pamilya para maimpluwensiyahan ang ating mga desisyon sa trabaho.

Iniiwasan natin ang peligro ng mga personal na relasyon na nakakaapekto sa ating pagkamakatwiran sa pamamagitan ng:

- Paglalayo sa matatalik na kaibigan at kamag-anak sa mga linya ng pag-uulat at sa labas ng parehong departamento, maging mga empleyado, intern o contractor man
- Pagpahitulot sa iba na pamahalaan ang mga desisyong may kaugnayan sa trabaho (gaya ng pag-hire, pagtataas ng ranggo at pagdisiplina) sangkot ang matatalik na kaibigan at kamag-anak
- Paggawa ng mga hakbang upang matiyak ang pagiging bukas at malaya kapag isinasaalang-alang ang matatalik na kaibigan at kamag-anak bilang potensiyal na provider ng serbisyo ng Johnson Controls
- Maingat na pagtimbang ng mga desisyon para gamitin ang mga dating empleyado ng Johnson Controls bilang mga consultant, contractor o supplier

## Mga Personal at Pampamilyang Pamumuhunan

Hindi naiimpluwensiyahan ang ating mga desisyon ng mga pag-asa ng pakinabang sa pananalapi para sa ating mga sarili o sa mga miyembro ng ating pamilya.

Pinanatili natin ang mga personal na pagsasaalang-alang sa labas ng ating mga desisyon sa negosyo sa pamamagitan ng:

- Hindi pag-aari ng makabuluhang* pinansiyal na taya sa isang negosyo na konektado sa o nakikipagkumpitensiya sa Johnson Controls
- Pagbubunyag sa Compliance Department kapag ang isang malapit na miyembro ng pamilya ay naging empleyado ng o nagmamay-ari ng makabuluhang* pinansiyal na taya sa isang negosyo na konektado sa o nakikipagkumpitensiya sa Johnson Controls

*Para sa gabay sa kung ang isang interes sa pananalapi ay makabuluhan, pakikonsulta ang Compliance Department.

## Mga Regalo at Mabuting Pakikitungo

Naipapanalo natin ang negosyo at nagtatatag ng mga relasyon batay sa tiwala at kapwa halaga – hindi kailanman sa pamamagitan ng hindi angkop na mga regalo at mabuting pakikisama.

Iniiwasan natin ang posibleng mga salungatan sangkot ang pagbibigay ng mga regalo at mabuting pakikisama sa pamamagitan ng:

- Pagbibigay lang ng makatwirang pagkain at paglilibang bilang bahagi ng mga talakayang pangnegosyo at kung hindi lang nila nilalabag ang mga patakaran ng tumatanggap na organisasyon
- Hindi pagbibigay o pagtanggap ng mga regalo o paglilibang na may intensiyon na impluwensiyahan ang pag-uugali ng tumatanggap
- Pagbibigay ng mga regalo na may maliit na halaga lamang sa mga taong kasama natin sa negosyo o hinahangad nating makanegosyo
- Hindi kailanman pagbibigay ng mga regalong salapi o katumbas na salapi

# Mga Salungatan ng Kapakinabangang



- Pagbibigay ng mga regalo o paglilibang sa mga customer sa gobyerno kung pinahintulutan lang at may paunang pag-apruba ng Compliance Counsel
- Pagbabayad para sa makatwirang gastusin sa biyahe at akomodasyon ng ikatlong partido alinsunod sa ating mga patakaran at kapag maagang naaprubahan lamang
- Pagtiyak na lahat ng regalo, paglilibang at pagbiyahe na ibinigay ay legal, etikal at hindi salungat sa ating mga pagpapahalaga

Iniiwasan natin ang mga maaaring salungatan kaugnay ang pagtanggap ng mga regalo at mabuting pakikitungo sa pamamagitan ng:

- Pagtanggap ng mga regalong may maliit na halaga lamang
- Hindi tumatanggap ng mga regalong cash o katumbas ng cash
- Hindi pagtanggap ng pagbiyahe mula sa mga ikatlong partido
- Paglimita sa ating pagtanggap ng paglilibang sa pang-atletiko, pang-teatro o pangkulturang kaganapan (iyon ay, mga kaganapang pang-sports, golf o konsiyerto) o mga pagkain
- Magalang na pagtanggi sa anumang biyahe, mga regalo o paglilibang na lumalabag sa ating Patakaran sa Mga Regalo at Paglilibang

## MAG-ISIP MUNA

**T:** Tumatawad ang aming pangkat sa isang malaking kontrata, at inaasahan naming malaman ang kinalabasan sa lalong madaling panahon. Dadalo ako sa isang pagpupulong at ang pangunahing gumagawa ng desisyon mula sa malamang na customer ay naroon din. Maaari ko ba siyang imbitahan sa hapunan upang magawa ang huling pahayag para sa Johnson Controls?

**S:** Hindi ito inirerekomenda dahil maaari itong mahiwatigan bilang pagtangka na hindi tamang impluwensiyahan ang customer. Nangangahulugan ang pag-una sa integridad na pagbibigay sa customer ng mga dahilan para piliin tayo dahil sa kalidad ng ating mga produkto at serbisyo sa customer, hindi dahil binigyan natin sila ng mamahaling regalo o binigyan ng mapagbigay na mabuting pakikisama. Dahil ang tiyempo ay napakalapit sa desisyon sa procurement ng customer, madali itong maipapakahulugan bilang isang tangka na maling pag-impluwensiya ng desisyon sa negosyo—na mahigpit na ipinagbabawal. Partikular na mahalaga na maging maingat sa panahon ng proseso ng pagtawad. Hangga't ang iyong contact ay hindi isang opisyal ng gobyerno, magiging angkop na imbitahin siya para magkape o mag-tsaa bilang paraan upang itatag ang relasyon at masagot ang anumang mga katanungan na maaaring mayroon ang customer tungkol sa Johnson Controls.

# Mga Salungatan ng Kapakinabangang



## Mga Oportunidad ng Kompanya

Ginagamit natin ang natamong karunungan sa kurso ng ating pagtatrabaho, at ang mga mapagkukunan at yaman ng Kompanya, upang mas mahusay nating matulungan ang ating mga customer na magwagi.

Iniiwasan natin ang mga salungatan ng kapakinabangan o pinsala sa ating negosyo sa pamamagitan ng hindi:

- Pagdadala para sa ating mga sarili ng mga oportunidad sa negosyo o pamumuhunan na natuklasas sa kurso ng ating trabaho
- Paggamit sa ari-arian ng Kompanya, impormasyon o ating tungkulin sa Johnson Controls para sa maling pangsariling kita
- Pakikipagkumpitensiya sa Johnson Controls, nang direkta o hindi

## Panlabas na mga Gawain

Araw-araw nating ibinibigay ang ating pinakamahusay na pagsisikap sa Johnson Controls, hindi pinapayagan ang panlabas na mga trabaho o iba pang gawain na humadlang sa ating mga pag-aambag sa negosyo ng Kompanya.

Nagsisikap tayo na mabuhay nang ganap at produktibo sa labas ng trabaho habang hindi:

- Humahadlang sa ating mga responsibilidad o pagganap sa Johnson Controls
- Pagtatrabaho para sa isang kakumpitensiya o supplier
- Pagbabakasakali ng pinsala sa negosyo o reputasyon ng Kompanya
- Paggamit ng mga mapagkukunan ng Kompanya, kabilang ang ibang empleyado o vendor, para sa panlabas na mga interes
- Paglikha ng anumang ibang uri ng salungat na kapakinabangan

MAG-ISIP MUNA

**T:** Ang kamakailang karanasan ko ng pagkukumpuni ng bahay ay ginagawa akong nag-iisip na gusto kong bumili ng isang "fixer-upper" na ari-arian at subukang ibenta ito para kumita – at maaaring makakuha pa ng lisensiya sa real estate. Nakatuon ako sa Johnson Controls at hindi ipinapalagay na ang interes ko sa pagkukumpuni ng mga bahay ay makahahadlang sa aking trabaho. Maaari ba itong maging problema?

**S:** Nais naming ang aming mga tao ay mabuhay ng ganap at kapaki-pakinabang na mga buhay sa labas ng trabaho. Kasabay noon, lahat tayo ay inaasahang ibigay ang lubos na pag-aasikaso at pinakamahusay na pagsisikap araw-araw sa Johnson Controls. Kailangan mong magpasya kung ang pagkakaroon ng tunay na dagdag na pagsisikap sa pagkukumpuni at pagbebenta ng mga bahay ay bibigyang-daan ka na mapanatili ang isang angkop na balanse sa pagitan ng personal at pantrabahong mga responsibilidad. Kung sa palagay mo ay maaari itong lumikha ng salungat na kapakinabangan, dapat mong ibunyag ito sa ComplianceForms.jci.com.

# Pag-iingat ng talaan at pagbubunyag



## Paglikha at Pagpapanatili ng Tumpak na mga Talaan at Account

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Pinanatili natin ang mga tumpak na talaan at account upang tulungan tayo na gumana nang epektibo at upang magbigay ng napapanahon at makatotohanang impormasyon sa mga taong nangangailangang umasa dito.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Bilang isang kompanya na ikinakalakal sa publiko, inaatasan ang Johnson Controls na panatilihin at ibunyag ang tumpak na mga talaang pampinansiyal. Habang ang isang legal na obligasyon, tamang pagpapanatili ng mga talaan ay mahalaga rin sa mahusay at kapaki-pakinabang na mga operasyon ng negosyo. Lahat tayo ay may bahagi na gagawin sa pagpapanatili ng mga talaan na tumpak at pangkasalukuyan; tinutulungan tayo nitong mapanatili ang tiwala at kumpiyansa na ating itinatag sa mga customer, mamumuhunan at iba pang mga stakeholder.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Pinanatili natin ang tumpak na mga talaan at account sa pamamagitan ng:

- Pagtatala ng lahat ng yaman, pananagutan, kita, gastusin at mga transaksiyon ng negosyo nang kumpleto, tumpak, sa tamang panahon at sa isang napapanahong paraan
- Pagtiyak na ang mga talaan at accoun ay sumusunod sa karaniwang tinatanggap na mga prinsipyo ng accounting at ng ating sistema sa panloob na kontrol
- Hindi kailanman pagtatakda ng lihim o hindi nakatalang mga cash na pondo o iba pang mga yaman o pananagutan
- Paggamit ng angkop at tumpak na salita kapag lumilikha ng mga talaan
- Hindi kailanman pagtatago o pagsira ng mga dokumento o talaan na sasailalim sa pagsisiyasat o maaaring kailanganin sa mga legal na paglilitis
- Pagsunod sa mga abiso ng legal na paghawak
- Pagpapanatili at pag-aalis ng mga talaan ng Kompanya alinsunod sa ating mga pamamaraan ngpagpapanatili ng mga talaanat pamamahala ng impormasyon

# Pag-iingat ng talaan at pagbubunyag



MAG-ISIP MUNA

**T:** Alam ko na hinihingi sa atin ng ating mga patakaran sa pamamahala ng mga talaan na tanggalin ang ilang talaan pagkatapos ng nakatakdang haba ng panahon. Itinatago ko lahat ng aking talaan ukol sa isang partikular na bagay dahil alam kong may mga problema sa paghahanap ng mga nakalipas na dokumento. Magandang ideya ba ito?

**S:** Hindi, dapat mong matapat na sundin ang ating mga patakaran sa pagpapanatili ng mga talaan at mga iskedyul. Sinusuportahan ng mga patakarang ito ang lehitimong pagwasak ng mga talaan ng Kompanya, at maaaring ilantad ang Kompanya ng kabiguang sundin ang mga ito sa mga claim ng pinipiling pagwasak. Maaari ding sobrang magamit ang ating sistema sa pag-iimbak ng pagpapanatili ng mga talaan nang napakatagal at ilagay ang sensitibo o kumpidensiyal na impormasyon sa peligro ng pagiging naa-access at maling paggamit. At saka, maaaring mayroon tayong legal na obligasyon na tanggalin ang impormasyong hindi na kailangan, gaya ng personal na data o kumpidensiyal na impormasyon mula sa isang kasosyo sa negosyo. Sa pamamagitan ng pagpapanatili ng mga talaan ayon sa ating tinukoy na mga iskedyul, pinatatag mo ang ating programa sa pamamahala ng mga talaan at pinoprotektahan ang Kompanya.

# Pisikal na ari-arian at mga yaman, ang ating reputasyon at ating kumpidensiyal at pansariling impormasyon

## Pagbabantay ng mga Yaman ng Kompanya

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Pinoprotektahan natin ang reputasyon ng Johnson Controls at ang iba pang mga yaman dahil ang mga ito ang mga pangunahing batayan para sa ating kinabukasan.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Nakatuon tayo sa kinabukasan. Itinatakda tayo para magwagi bukas ng pinakamahusay na paggamit ng kung ano ang mayroon tayo ngayon. Ang ating mga yaman—pag-aari, salapi, impormasyon, mga ideya at reputasyon—ay nagpapatuloy ng ating mga operasyon at pinapayagan tayo na mamuhunan sa makabagong ideya at patuloy na pagpapahusay. Bilang mabubuting tagapangasiwa ng mga yamang ito, ginagamit natin ang mga ito upang lumikha ng pambihirang mga karanasan ng customer at napapanatiling halaga ng mamumuhunan.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Binabantayan natin ang mga yaman ng Johnson Controls sa pamamagitan ng:

- Paggawa ng makatwirang pag-aalaga ng mga yaman na nasa ating kontrol upang maiwasan ang kanilang pagkawala, pagkasira, pagkawasak, pagnanakaw o hindi awtorisadong paggamit
- Pagiging mapagbantay para pigilan ang pandaraya, pagsayang o pag-abuso na may kaugnayan sa mga yaman ng Kompanya
- Pamamahala ng ating mga talaan at impormasyon alinsunod sa Patakaran sa Pagpapanatili ng mga Talaan at iba pang patakaran ng Kompanya
- Pagsunod sa mga protokol ng seguridad ng impormasyon at pag-access ng user upang protektahan ang mga sistema at data ng Kompanya mula sa hindi awtorisadong pag-access, pagbago, pagkopya, pagwasak o pagbunyag, maging ito man ay hindi sinasadya o sinasadya
- Paggamit ng mga yaman ng Kompanya para lang sa mga layuning pangnegosyo, maliban kung may nalalapat na kataliwasan sa isang makatwiran at kaugnay na personal na paggamit
- Pag-uulat ng anumang mga alalahanin tungkol sa paggamit, pag-abuso o pagsasapanganib ng mga yaman ng Kompanya

### IBA'T IBANG YAMAN, PAREHONG PRINSIPYO

May iba't ibang anyo ang mga yaman ng Kompanya. Kung paano natin pinoprotektahan ang mga ito ay magdedepende sa mga yaman at sa ating partikular na tungkulin. Subali't sa lahat ng kaso, naaangkop ang parehong prinsipyo: **Ingatan at gumamit ng mahusay na pagpapasya.**

**Mga yamang impormasyon:** Anumang data na may kaugnayan sa ating mga produkto, negosyo o kung paano natin isinasagawa ang ating mga operasyon, hindi alintana ang kung paano ito nilikha, ipinamahagi, ginamit o inimbak.

**Mga yamang pinansiyal:** Mga pera at anumang bagay na maipagpapalit sa pera, tulad ng mga stock, bond at deposito sa bangko.

**Mga pisikal na yaman:** Anumang bagay na mahahawakan na pag-aari ng Kompanya na ginagamit sa pagsasagawa ng ating negosyo (hal., mga pasilidad, makinarya, kagamitan, computer, mobile phone, raw materials, sasakyan, kagamitan at supply sa opisina).

**Mga yamang hindi mahahawakan:** Ang ating reputasyon, mga ideya, imbensiyon, pag-aaring intelektuwal, mga disenyo, copyright, trademark, patent at trade secret. Tinutulungan tayo ng mga yamang ito na maghatid ng makabagong ideya at pagpapahusay.

# Pisikal na ari-arian at mga yaman, ang ating reputasyon at ating kumpidensiyal at pansariling impormasyon

Tinutugunan ng mga sumusunod na paggabay ang ilang partikular na mahahalagang larangan na kung saan ay kailangan nating ingatan at gumamit ng mahusay na pagpapasya.

## Pagprotekta sa mga Pansarili at Kumpidensiyal na Impormasyon ng Negosyo

### Pinoprotektahan natin ang ating kumpidensiyal na impormasyon ng negosyo at intelektuwal na pag-aari dahil binibigyan tayo ng mga ito ng ating kalamangan sa merkado.

Dinadala natin ang ating kinabukasan pasulong at nagwawagi para sa ating mga customer sa pamamagitan ng pagbuo ng mga ideya at paggamit ng kaalamang teknikal na wala ang iba. Ang ating kumpidensiyal na impormasyon ng negosyo at intelektuwal na pag-aari ay mahahalagang yaman ng negosyo na nagbubukod sa atin mula sa mga kakumpitensiya. Dapat nating protektahan ang mga ito mula sa hindi awtorisadong pagbubunyag o maling paggamit.

Binabantayan natin ang mga pansarili at kumpidensiyal na impormasyon sa pamamagitan ng:

- Pagbahagi lang ng impormasyong ito sa mga taong awtorisado at may pangangailangang pangnegosyo na malaman ito
- Hindi pagtalakay ng mga kumpidensiyal na bagay kapag may peligro na maaari tayong marinig nang hindi sinasadya
- Pag-iingat sa labas ng lugar ng trabaho para matiyak na ang mga dokumento at electronic device ay hindi nakikita ng iba
- Hindi kailanman paggamit ng kumpidensiyal na impormasyon para sa ating personal na kapakinabangan o para makinabang ang sinuman sa labas ng Johnson Controls
- Pag-alala na nagpapatuloy ang obligasyon na protektahan ang kumpidensiyal na impormasyon ng Kompanya pagkatapos na umalis sa Kompanya

MAG-ISIP MUNA

**T:** Kagabi ay kasama kong maghapunan ang isang dating kaibigan sa high school na nagtatrabaho para sa isang lokal na kompanya ng engineering. Pinag-uusapan namin ang tungkol sa kung paano namin parehong ipinagmamalaki na ang aming mga kompanya ay nakatuon sa pagbabago upang malutas ang mga tunay na problema ng mundo. Nabanggit ko sa kanya, sa isang mataas na antas, na ang ilan sa ating mga pinakabagong produkto na kasalukuyang binubuo, ay nakatuon sa kung paano malulutas ng produkto. Pagkatapos umalis sa hapunan, nagtaka ako kung masyado akong nagbahagi at posibleng inilagay sa peligro ang mga ideya at pag-aari ng Kompanya.

**A:** Tama ka na maging nag-aalala. Habang ang kaibigan mo ay hindi isang direktang kakumpitensiya, mahalaga pa rin na maging napakaingat na iwasan ang pagbahagi ng anumang impormasyon ng Kompanya na wala sa pampublikong domain. Ang ating intelektuwal na pag-aari, mga trade secret at iba pang kumpidensiyal na mga ideya at impormasyon ay mahahalagang yaman na kung saan nakasalalay ang ating mapagkumpitensiyang kalamangan. Kung naniniwala kang maaaring hindi mo sinasadyang naibahagi ang hindi pampublikong impormasyon tungkol sa mga produkto ng Kompanya, dapat kang makipag-ugnayan sa Compliance Team o Law Department para sa paggabay.

# Pisikal na ari-arian at mga yaman, ang ating reputasyon at ating kumpidensiyal at pansariling impormasyon

**ANO ANG HITSURA NG KUMPIDENSIYAL NA IMPORMASYON**

Kabilang sa mga halimbawa ng kumpidensiyal na impormasyon ng negosyo ang:

- Mga trademark, patent, trade secret at iba pang intelektuwal na pag-aari
- Mga pribadong pinansiyal na impormasyon o projection
- Bagong produkto o mga plano sa marketing
- Mga ideya o impormasyon sa pananaliksik at pagpapaunlad
- Mga proseso ng manufacturing
- Detalyadong impormasyon sa procurement
- Mga detalye ng suweldo at iba pang personal na data
- Mga listahan ng empleyado at panloob na mga tsart ng organisasyon
- Impormasyon tungkol sa mga posibleng pagtatamo, pagbebenta ng puhunan at pamumuhunan
- Mga legal na opinyon at produkto ng trabaho
- Iba pang impormasyon na maaaring mahalaga sa mga kakumpitensiya

## Responsableng Paggamit ng Teknolohiya at Mga Sistema ng Impormasyon ng Kompanya

### Responsible nating ginagamit ang teknolohiya at mga sistema ng impormasyon ng Johnson Controls upang magtrabaho nang mahusay at makamit ang ating mga layunin sa negosyo.

Hindi magiging posible ang pagtatrabaho bilang Isang Pangkat para sa ating mga customer kung wala ang mga sistema at teknolohiya na ating inaasahan araw-araw. Binibigyang-daan tayo na magtabaho nang mas produktibo, makipag-ugnayan nang mas epektibo at mas mahusay na paglingkuran ang ating mga customer ng mga laptop, mobile device, email at ang imprastraktura na sumusuporta sa mga ito. Tinutulungan tayo ng mga ito na ma-access at magbahagi ng impormasyon na kailangan natin upang magbago at patuloy na humusay. Gayunman, uubusin ang ating mga pagkukunan, makokompromiso ang ating seguridad at mawawasak ang ating tatak at reputasyon ng hindi naaangkop na paggamit.

Ligtas at angkop nating ginagamit ang ating teknolohiya at mga sistema sa pamamagitan ng:

- Pagbibigay lang ng access sa sistema sa mga awtorisadong indibidwal at hanggang sa tagal lamang na kinakailangan
- Pagbibigay ng access sa mga awtorisadong user sa mga sistema at data na kailangan lamang para magawa ang kanilang mga trabaho
- Pagprotekta sa mga password, regular na pagpapalit sa mga ito at hindi kailanman pagbahagi ng mga ito sa iba
- Hindi paglalagay ng mga kumpidensiyal na impormasyon sa Internet
- Hindi pagda-download ng mga hindi aprubadong software o pagbubukas ng mga kahina-hinalang attachment
- Pagkonekta lamang ng mga awtorisadong personal na device sa mga network ng Johnson Controls
- Paggawa ng mga hakbang upang protektahan ang hardware sa pagkawala, pagkasira o pagnanakaw
- Hindi kailanman pagpapadala ng mga mensahe na naglalaman ng nakaliligalig o nakasasakit na content
- Pag-iwas na bumisita sa mga hindi naaangkop na mga website
- Paggawa lang ng makatwiran, nauugnay na personal na paggamit ng kagamitan at sistema ng Kompanya

# Pisikal na ari-arian at mga yaman, ang ating reputasyon at ating kumpidensiyal at pansariling impormasyon

## Pangangalaga sa Reputasyon ng Kompanya

### Nagsisikap tayo para mapanatili ang isang reputasyon para sa integridad at customer-driven na makabagong ideya sa lahat ng bagay na ating ginagawa.

Ang ating reputasyon ang isa sa ating pinakamahalagang kayamanan. Itinatatag natin ito sa halos mahigit 130 taon ngunit palagi nating tinitingnan ang kinabukasan. Ang bawat isa sa atin, sa ating pang-araw-araw na mga pagkilos at desisyon, ay dapat makaramdam ng bigat ng responsibilidad na pangalagaan ang reputasyon ng Johnson Controls. Kapag kumilos tayo nang may integridad at ginagawa ang ating mga pagpapahalaga sa pagkilos, magpapatuloy tayong makuha ang kumpiyansa at tiwal ang ating mga empleyado, customer at kasosyo sa negosyo.

Pinangangalagaan natin ang ating reputasyon sa pamamagitan ng:

- Pagpapakitang-halimbawa ng ating mga pinakamahalagang pagpapahalaga
- Palaging paggamit ng mahusay na pagpapasya sa negosyo
- Pagiging dakilang kinatawan para sa Johnson Controls
- Pagtiyak na ang ating mga desisyon at pag-uugali ay patuloy na nagpapanatili ng magandang pangalan ng Kompanya

**ANG ATING REPUTASYON**
Ang 130-taong kasaysayan ay isang bagay na maipagmamalaki. Ngunit huwag kailanman kalimutan na ang reputasyon ay tungkol sa huling karanasan ng ibang tao sa pakikitungo sa atin at ang kanilang inaasahan sa susunod.

## Pagpigil sa Pandaraya

### Nangangahulugan ang ating pangako sa integridad na mapagbantay tayo upang maiwasan ang pandaraya, pagsasayang at pag-abuso.

Walang lugar sa Johnson Controls ang pandaraya, pagsasayang at pag-abuso. Ang ating pangako sa isang kultura ng integridad at tiwala ang pinakatiyak na paraan upang mapigilan ang mga pag-abuso, at matuklasan at itama ang mga ito kung ang mga ito ay mangyari.

Pinipigilan natin ang pandaraya, pagsasayang at pag-abuso sa pamamagitan ng:

- Ganap at tumpak na paglalarawan ng biyahe, paglilibang at iba pang gastusin sa ating mga libro at talaan. Tingnan ang Patakaran sa Pandaigdigang Pangnegosyong Pagbiyahe, Paglilibang at Pag-uulat ng Empleyado sa Gastusin.
- Tamang pag-uuri at accounting ng mga pinansiyal na transaksiyon
- Pagsingil lamang para sa mga serbisyo na ating ipinagkaloob, sa loob ng mga kinakailangang takdang oras
- Pagbibigay ng diskuwento na ating ipinangako

# Pisikal na ari-arian at mga yaman, ang ating reputasyon at ating kumpidensiyal at pansariling impormasyon

- Pagsunod sa lahat ng patakaran sa procurement at pag-order lamang ng mga kalakal at serbisyo na kailangan natin
- Hindi kailanman paggamit ng cash o mga credit card ng Kompanya para sa mga layuning hindi pangnegosyo
- Paghingi ng paglilinaw kung hindi tayo nakatitiyak tungkol sa mga pamamaraan ng accounting o mga legal na obligasyon
- Agarang pag-uulat ng mga alalahanin tungkol sa hindi naaangkop o kahina-hinalang aktibidad

## Pagbabantay sa Ating mga Pasilidad

Pinapanatili nating tiwasay at ligtas ang ating mga pasilidad at kagamitan mula sa pinsala upang lagi tayong handa upang matulungan ang ating mga customer na magwagi.

Nagbibigay ang ligtas na mga pasilidad ng isang ligtas at maginhawang kapaligiran para sa ating mga tao habang pinoprotektahan ang ating mga kagamitan at materyales mula sa pagkasira, pagnanakaw o paniniktik na pang-industriya.

Binabantayan natin ang ating mga pasilidad sa pamamagitan ng:

- Pagsusuot natin ng ating badge ng pagkakakilanlan ng Kompanya sa lahat ng oras, at pagtiyak na ginagawa rin ito ng iba pa
- Hindi pagtukod sa bukas na mga pinto o pagpahintulot sa iba na sundan tayo sa mga protektadong pasukan
- Hindi kailanman pagbibigay sa sinuman ng ating mga susi, badge o alarm code
- Pagkandado ng mga pinto sa mga opisina at sasakyan
- Kaagad na pag-uulat sa pangasiwaan ng mga pagtagas, sirang kagamitan o iba pang mga problema sa pagpapanatili
- Pagsusuri at pagsubok ng lahat ng proteksiyon sa sunog at kagamitang panseguridad sa isang regular na iskedyul
- Kaagad na pagtugon sa lahat ng alarma (kahit pagkatapos ng mga normal na oras ng negosyo)
- Pagpigil sa mga hindi awtorisadong indibidwal mula sa pagpasok sa ating mga pasilidad at pakikipag-ugnayan sa Security kung mayroong nanghihimasok
- Pakikipag-ugnayan sa Johnson Controls Global Security Operations Center (GSOC) sa +1 414 524 6700 o gsoc@jci.com sa kaganapan ng anumang alalahanin sa seguridad o krisis na nagbibigay ng isang aktuwal o potensiyal na panganib sa alinman sa ating mga empleyado, pasilidad o operasyon
- Pagtawag sa lokal na nagpapatupad ng batas o mga tagatugon sa emergency kung mayroong napipintong panganib

# Insider trading at pag-abuso sa pamilihan ng sapi



## Pagpigil sa Insider Trading

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Hindi kailanman tayo gumagamit o nagbabahagi ng panloob na impormasyon tungkol sa Johnson Controls o sa alinmang iba pang kompanya para sa layunin ng pangangalakal sa stock market.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Sa kurso ng ating trabaho, maaaring mayroon tayong access sa impormasyon tungkol sa Johnson Controls o iba pang kompanya na maaaring may potensiyal na kapakinabangan sa mga mamumuhunan. Ang pag-una sa integridad ay nangangahulugan na pagpapakita na palagi tayong maasahan upang protektahan ang impormasyong ipinagkatiwala sa atin. Kabilang sa "Panloob" na impormasyon ang mga detalye na ituturing na mahalaga ng isang mamumuhunan sa paggawa ng desisyon sa pamumuhunan; kilala rin ito bilang mahalaga at hindi pampublikong impormasyon. Ang paggamit sa impormasyong ito para sa ating sariling kapakinabangan o pagbabahagi nito para sa kapakinabangan ng iba ay tinatawag na insider trading. Ito ay ilegal sapagkat nagbibigay ito ng isang hindi patas na kalamangan at pinasasama ang mga pinansiyal na pamilihan. Agresibong ipinapatupad ang batas ng insider trading, na madalas na nagreresulta sa mabibigat na multa at pagkabilanggo para sa mga nahatulan.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Pinipigil natin ang insider trading sa pamamagitan ng:

- Hindi kailanman paggamit ng panloob na impormasyon upang mangalakal ng mga sapi sa Johnson Controls o anumang iba pang kompanya na pampublikong ikinakalakal—maliban at hanggang ang gayong impormasyon ay ginawang pampubliko at ang merkado ay nagkaroon ng pagkakataon na maunawaan ito
- Hindi pagbabahagi ng panloob na impormasyon sa sinuman sa labas ng Kompanya, kabilang ang mga miyembro ng pamilya, kamag-anak o kaibigan
- Pagbabahagi ng panloob na impormasyon sa mga kasamahan sa batayan lamang na kailangang malaman
- Pag-iingat para protektahan ang panloob na impormasyon mula sa hindi sinasadyang pagbubunyag sa pamamagitan ng pagiging maingat sa mga dokumento ng Kompanya at maingat na pakikipag-usap sa mga lantad na lugar
- Pagpigil sa "pagbibigay ng tip"—pagpasa ng mateyal, hindi pampublikong impormasyon tungkol sa anumang kompanya sa kaninuman na maaaring mangalakal habang may alam ng gayong impormasyon

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Hindi kailanman nakabawi ang mga pamumuhunan ng aking tiyuhin mula sa pandaigdigang krisis sa pananalapi at alam kong nagsusumikap siya upang maipasok ang kanyang mga anak sa unibersidad. Tinanong niya kung dapat siyang bumili ng stock ng Johnson Controls. Sa pakiramdam ko ay talagang matutulungan siya sa paggawa nito, lalo na dahil inaasahan natin ang mga paparating na paglulunsad ng produkto upang mapataas ang presyo ng sapi. Maaari ko bang sabihin sa kanya ang tungkol sa mga paglulunsad ng bagong produkto o irekomenda ang stock sa kanya?

**S:** Talagang hindi. Mahalaga at hindi pampublikong impormasyon ang mga detalye ng paparating na mga paglulunsad ng produkto na maaaring magbigay sa tiyuhin mo ng hindi makatarungang pakinabang sa kalakalan. Magiging ilegal ang pagbabahagi ng impormasyong iyon. Sabihin sa kanya na dahil ikaw ay isang empleyado sa Johnson Controls, hindi ka maaaring magbigay ng impormasyon na maaaring humikayat o hindi humikayat sa sinuman na mangalakal sa stock. Isangguni siya sa seksiyon na Investor Relations ng ating website o imungkahi siyang makipag-ugnayan sa Investor Relations kung mayroon siyang mga partikular na katanungan.

# Mga responsableng komunikasyon



## Pagbubuo ng Tiwala at Reputasyon sa pamamagitan ng mga Responsableng Komunikasyon

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Pinapalakas natin ang ating tatak at mga relasyon sa stakeholder sa pamamagitan ng maingat, tumpak at pare-parehong mga komunikasyon at responsableng pakikipag-ugnayan sa social media.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Nakikipag-ugnayan tayo nang makatotohanan, tumpak at patuloy sa mga customer, mamumuhunan at iba pang mga stakeholder. Mahalaga ito sa pagbuo ng negosyo na nakabatay sa tiwala, pang-matagalang relasyon at parehong halaga, sa halip na mga simpleng transaksiyon. Tinatandaan natin na lahat tayo ay mga kinatawan para sa tatak na Johnson Controls. Ipinapahayag natin ang ating halaga sa merkado at pinanatili ang ating reputasyon sa pamamagitan ng responsableng paggamit ng social media at sa pamamagitan ng pagpayag sa mga kasamahan na may tamang kapangyarihan at karanasan na hawakan ang mga panlabas na katanungan.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Pinapalakas natin ang ating tatak at relasyon sa pamamagitan ng:

- Pagsunod sa ating Patakaran ng Komunikasyonkapag pinangangasiwaan ang mga panlabas na katanungan o nakikipag-ugnayan sa social media
- Pakikipagkomunikasyon lang ng impormasyon sa pangalan ng Johnson Controls kung may pahintulot na gawin ito
- Pagiging magalang at propesyonal sa ating pakikipagpalitan sa online
- Pagtatanda na ang ating aktibidad sa online, kahit na sa labas ng trabaho, ay maaring makatulong o makapinsala sa Johnson Controls
- Pagkilala sa mga opinyon bilang sarili natin maliban kung may pahintulot tayo magsalita sa pangalan ng Johnson Controls
- Hindi kailanman pagbubunyag ng kumpidensiyal o pansariling impormasyon (tungkol sa ating Kompanya, mga customer o iba pang kasosyo sa negosyo)
- Hindi pagbabahagi ng panloob na komunikasyon ng empleyado tulad ng pangkalahatang mga email o mga kuwento sa portal
- Hindi kailanman pag-post ng ilegal na nilalaman o anumang bagay na maaaring makatwirang gawin ang ibang tao na makaramdam ng pagkatakot o pinagbabantaan
- Hindi pagpayag na humadlang ang mga aktibidad sa social media sa ating mga responsibilidad sa trabaho sa Johnson Controls

# Mga responsableng komunikasyon



MAG-ISIP MUNA

**T:** Sinusubaybayan ko ang isa sa aking mga katrabaho sa social media. Paminsan-minsan, nagpo-post siya ng content na tumutukoy sa pamunuan ng Kompanya sa isang negatibong paraan. Malinaw na tinutukoy ng kanyang profile ang kanyang sarili bilang isang empleyado ng Johnson Controls. Alam ko na may karapatan siya na lantarang ipahayag ang kanyang mga personal na opinyon, ngunit hindi ito tama sa pakiramdam. Lumabag ba siya sa alinman sa ating mga patakaran o alituntunin?

**S:** Hindi, ang iyong kasamahan ay hindi lumabag sa alinman sa ating mga patakaran o alituntunin. May karapatan siya upang ipahayag ang kanyang personal na opinyon, ngunit maaari niyang gustuhing isaalang-alang ang isang hindi gaanong pampublikong paraan upang ipahayag ang kanyang mga pananaw tungkol sa Kompanya. Bagama't nagbibigay sa atin ang social media ng bago at mga paraan ng pakikipag-usap na malayo ang naaabot, naangkop ang parehong mga prinsipyo ng mabuting paghatol gaya ng sa mga mas tradisyunal na komunikasyon: hindi dapat ilahad ng mga empleyado ang kanilang opinyon bilang mga para sa kumpanya maliban kung may pahintulot na gawin ito; hindi sila dapat magbahagi ng kumpidensyal at hindi pampublikong impormasyon; at hindi sila dapat magsabi ng mga bagay na mapang-abuso o labag sa batas.

## TAYO AY NAKIKIPAG-UGNAYAN, NAKIKIPAG-USAP AT NATUTUTO SA PAMAMAGITAN NG SOCIAL MEDIA

Isang makapangyarihang kagamitan ang social media na iniuugnay ang Johnson Controls sa ating mga customer, komunidad at stakeholder sa buong mundo – kaagad. Nagbibigay-daan ito upang mapalakas ang ating mga relasyon at buuin ng ating tatak. Marami sa atin ang gumagamit ng social media sa ating personal na buhay, upang manatiling may alam at nakikipagbalitaan sa mga kaibigan at pamilya. Ang pagiging maingat sa ating presensiya sa online, at pinag-iisipan ang tungkol sa kung ano ang ating ipino-post, ay nagpapaliit sa panganib na ang isang bagay ay maging mali ang pakahulugan o maulit ang sinabi na iba ang kahulugan.




MGA PAGPAPAHALAGA MUNA AT

# PAGWAWAGI KASAMA ANG ATING MGA SUPPLIER

# Procurement



## Responsableng Pagpili ng Ating mga Supplier

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Pinipili natin ang ating mga supplier nang makatwiran at walang kinikilingan upang bigyan tayo ng pinakamahusay na pagkakataon na magwagi kasama ang ating mga customer.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Inaasahan nating bumuo ng mga makahulugan at pangmatagalang relasyon sa supplier, batay sa kapakinabangan at tiwala sa isa't isa. Tinutulungan tayo ng mga relasyong ito na magwagi sa merkado at magbigay ng katangi-tanging mga karanasan at solusyon sa customer. Gusto natin ang mga supplier na ibinabahagi ang ating pangako sa integridad at sama-samang pagtatrabaho. Kapag nararamdaman ng ating mga supplier na namuhunan sa tagumpay ng ating mga customer, kagaya natin, nagwawagi sila kapag nagwawagi ang ating mga customer.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Responsable nating pinamamahalaan ang procurement sa pamamagitan ng:

- Pagtrato sa lahat ng kasalukuyan at potensiyal na mga supplier nang makatwiran at may integridad, hindi alintana ang halaga ng transaksiyon o haba ng relasyon
- Naghahanap upang gumawa ng negosyo sa mga supplier na pinakamahusay na matutugunan ang ating mga pangangailangan at ibinabahagi ang ating mga pagpapahalaga
- Pagsunod sa mga legal na pangangailangan (hal., ang U.S. Procurement Integrity Act at ang Foreign Corrupt Practices Act)
- Pagsasagawa ng naaangkop na kaukulang pagsisikap sa mga potensiyal na supplier upang matiyak na sila ay karapat-dapat at marangal
- Paggawa ng mga pagpili batay sa mga malinaw na pagsukat ng pagganap, tulad ng kalidad, presyo, serbisyo, pagiging maaasahan, magagamit, kahusayang teknikal, bilis ng paghahatid at mga etikal na gawi sa negosyo
- Pagtataguyod ng magkakaiba at malawak ang saklaw na supplier base
- Pag-iwas sa anumang mga salungatan ng kapakinabangan, o ang paglitaw ng mga ito, sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagpili sa isang supplier batay sa mga pagkakaibigan o relasyon sa pamilya
- Hindi pagtanggap ng hindi naaangkop na mga regalo, paglilibang o anumang uri ng pagtatangi, na maaaaring ilagay sa kompromiso ang pagpili ng mga pinakamahusay na kasosyo para sa Johnson Controls

# Pagpigil sa mga pag-abuso sa nasa supply chain



## Paggalang at Pagprotekta sa mga Karapatang Pantao

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Nagtatrabaho tayo upang mapanatili ang isang etikal na supply chain sa pamamagitan ng pagtatrabaho lamang kasama ang mga kasosyo sa negosyo na pinapahalagahan at iginagalang ang mga karapatan ng mga tao sa lahat ng dako.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Pinamumunuan tayo ng ating mga layunin, na kabilang ang pangako sa paggalang at pagprotekta sa mga karapatan ng mga tao sa buong mundo. Naniniwala tayo na ang maayos na pagsuporta sa mga tao ay susi sa isang masaganang kinabukasan. Samakatuwid, nakatuon tayo sa pagtataguyod ng isang etikal at bukas na supply chain na walang pagtatrabaho ng mga bata, sapilitang paggawa, pang-aalipin at pangangalakal ng tao.

Bilang isa sa maagang lumagda sa United Nations Global Compact, gumawa tayo ng mga koneksiyon sa pagitan ng mga karapatang pantao at ang paglikha ng napapanatiling halaga na maaring pakinabangan ng lipunan.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Nagsusumikap tayo na igalang at protektahan ang mga karapatang pantao sa ating buong operasyon at supply chain sa pamamagitan ng:

- Pagbibigay ng ligtas at malusog na mga kondisyon ng pagtatrabaho sa lahat ng pasilidad ng Johnson Controls
- Paggalang sa mga karapatan ng mga empleyado na magtatag at makipagtawaran nang sama-sama at hindi kailanman magtangi laban sa kanilang mga kinatawan
- Pagbabayad nang makatwiran sa merkado at pagtugon o paglampas sa lahat ng legal na kinakailangan na may kaugnayan sa pasahod
- Pagpapahintulot sa mga empleyado na magtrabaho nang hindi hihigit sa regular at overtime na oras na pinahihintulutan ng lokal na batas
- Pagsasagawa ng angkop na kaukulang pagsisikap sa mga potensiyal na kasosyo sa negosyo at mga pagsunod sa mga patakaran ng procurement kapag pumipili ng mga bagong vendor, hinahanap iyong mga hindi lumalabag sa mga karapatang pantao
- Inaatasan ang mga supplier at vendor na sumunod sa ating Pandaigdigang mga Pamantayan ng Supplier
- Pagtagubilin sa mga kasosyo sa negosyo na huwag bumili o gumamit ng mga conflict mineral
- Pag-uulat ng anumang alalahanin sa mga karapatang pantao sa Law Department o sa Integrity Helpline

Para sa karagdagang paggabay sa paggalang at pagprotekta sa mga karapatang pantao, mangyaring tingnan ang ating mga patakaran sa Karapatang Pantao at Pagpapanatili, Pang-aalipin at Pangangalakal ng Tao, Pagkakaiba-iba ng Supplier at Conflict Minerals.

# Pagpigil sa mga pag-abuso sa nasa supply chain



### PAG-UNA SA MGA TAO: LAHAT ITO AY KONEKTADO

Ang mga karapatang pantao ay tungkol sa higit na pagsusuri sa ating supply chain. Ang mga ito ay tungkol sa kung paanong nararapat na tratuhin ang mga tao sa lugar ng trabaho, sa merkado at sa ating mga komunidad.

Nakikilala natin ang positibong epekto na maaaring magkaroon tayo bilang isang pandaigdigang kompanya. Ang ating pangako sa larangang ito ay ipinakikita sa ating Patakaran sa Karapatang Pantao at Pagpapanatili. Kinikilala nito ang maraming isyu na maaaring makaapekto sa mga karapatang pantao, kabilang ang:

- Kalusugan at Kaligtasan
- Mga kondisyon ng pagtatrabaho
- Panunuhol at katiwalian
- Paggalang para sa kapaligiran
- Pamamahala
- Bukas na pag-uulat at pananagutan

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Kamakailan ay nilibot ko ang mga pasilidad ng isang pangunahing supplier sa isang papaunlad na bansa. Ang ilan sa mga manggagawa ay tila napakabata para sa akin. Sa mahigit na dalawang mahabang araw, natatandaan ko na nakikita ko ang parehong mga mukha sa umaga at sa gabi. Alam ko na ang mga paglabag sa child labor at sa oras ng pagtatrabaho ay problema na sa bahaging ito ng mundo. May magandang reputasyon ang supplier na ito at tiniyak sa atin na sinusunod nila ang lahat ng naaangkop na batas sa paggawa. May responsibilidad ba ako na ibahagi ang aking mga alalahanin o higit pang patindihin ang bagay na ito?

**S:** Bilang lumagda sa UN Global Compact at isang tagataguyod para sa mga karapatang pantao sa pangkalahatan, hindi pinapayagang Johnson Controls ang pagtatrabaho ng mga bata o iba pang mga pag-abuso sa paggawa. Kung mayroon kang anumang alalahanin na maaaring mga paglabag sa paggawa o sa karapatang pantao sa isa sa ating mga supplier, dapat mong ibahagi ang iyong alalahannin sa pangasiwaan, Compliance Department o sa Integrity Helpline upang maaari itong masiyasat.

# Mga inaasahan ng supplier



## Pagtataguyod ng Ating mga Pandaigdigang Pamantayan sa Supplier

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Inaasahan natin ang ating mga supplier na gumana sa parehong mataas na pamantayan na ating inilalapat sa ating sarili – laging may integridad.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Naniniwala tayo sa pagkilos na may integridad, na ipinakikita ang paggalang at pagtugon sa ating mga pangako. Wala tayong inaasahan na mas mababa mula sa mga taong gustong makipagnegosyo sa atin. Ang ating Mga Pandaigdigang Pamantayan sa Supplier ang nagtatakda sa mga inaasahang ito. Dapat alam at sundin ng ating mga supplier ang mga pamantayang ito upang matiyak na nagtatrabaho sila na kasama natin nang etikal at responsable at tumutulong na mapanatili ang reputasyon ng Johnson Controls.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Pinapanatili natin ang mataas na pamantayan at etikal na pagkilos sa ating supply chain sa pamamagitan ng:

- Pagiging malinaw at direkta sa mga supplier tungkol sa ating mga kinakailangan, kapwa sa mga tuntunin ng kung ano ang kailangan natin at kung paano ito dapat gawin
- Bukas at makatwirang pakikipagkasundo
- Pagtiyak na ang pinagkasunduang mga tuntunin ay ganap at tumpak na nakuha sa panulat: sa mga kontrata, mga purchase order at iba pang dokumento
- Paggawa ng punto na ipinapaliwanag ang ating mga pagpapahalaga at pilosopiya sa paggawa ng negosyo at ipinapakita ang mga ito sa ating mga kontrata
- Paglalapat ng ating Mga Pandaigdigang Pamantayan sa Supplier nang tuloy-tuloy sa lahat ng relasyon sa supplier
- Pagbibigay sa mga suppliers ng mga mapagkukunan at karagdagan paggabay para sa anumang kinakailangang paglilinaw sa mga inaasahan



MGA PAGPAPAHALAGA MUNA AT

# PAGWAWAGI KASAMA ANG ATING MGA KOMUNIDAD

# Mga pananagutan sa pagpapanatili at sa kapaligiran



## Napapanatiling Paggana at sa isang Paraan na Mabuti sa Kapaligiran

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Gumagawa tayo ng isang pangako ng isang napapanatiling mundo sa ating mga produkto, serbisyo at pang-araw-araw na mga operasyon.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Naniniwala tayo na ang layunin ng Johnson Controls ay makatulong upang magawang ligtas, maginhawa at napapanatili ang mundo. Nakatuon tayo sa kinabukasan, pati na rin sa positibong epekto na maaring mayroon tayo ngayon. Sa isang magkakaugnay at nagtutulungang mundo, ang pagbawas sa epekto sa kapaligiran ng ating mga operasyon ay kasing halaga ng paglikha ng pinakamahusay na mga kapaligiran at energy solutions sa mundo. Ginagawa nito tayong isang mas mahusay na kasama sa ating mga komunidad at sa ating mga customer.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Ipinakikita natin ang ating pangako sa napapanatiling mga solusyon at operasyon sa pamamagitan ng:

- Paggawa sa pagpapanatili bilang isang pinakamahalagang konsiderasyon sa disenyo ng produkto
- Pagtukoy sa mga pagkakataon upang mabawasan ang ating epekto sa kapaligiran habang nakakamit ang mga kahusayan sa operasyon
- Aktibong paghahanap ng pakikilahok kasama ang mga stakeholder ukol sa mga problema sa kapaligiran
- Pagtugon o paglampas sa lahat ng iniaatas na legal, pangregulasyon o permiso
- Paglalapat ng ating pandaigdigang pamantayan at pinakamahusay na kasanayan na Johnson Controls Manufacturing System (JCMS) sa ating mga operasyon sa buong mundo
- Paghanap ng mga oportunidad upang makatipid sa enerhiya, tubig at iba pang mga likas na yaman
- Ligtas at sumusunod na pamamahala ng basura at maruming tubig
- Pag-uulat sa pangasiwaan at maginhawang pagtugon sa anumang aksidente, kabilang ang anumang pagkatapon, pagtagas o hindi awtorisadong pagdidiskarga
- Paggawa ng mga pang-araw-araw na personal na aksiyon upang magbawas, muling gumamit at mag-recycle ng mga mapagkukunan

# Paglahok at pamumuhunan sa komunidad



## Pag-aambag sa Ating mga Komunidad

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Ipinagmamalaki natin ang paggawa ng positibong epekto sa mga komunidad kung saan tayo nakatira at nagtatrabaho.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Sa Johnson Controls, nakita namin ang parehong responsibilidad at pagkakataon na suportahan ang mga komunidad kung saan tayo gumagana. Bilang isang responsableng at aktibong mamayang korporasyon, gusto natin na makinabang ang ating mga komunidad mula sa ating presensiya at suporta. Inaasahan natin ang lahat ng empleyado na gumawa ng pagkakaiba sa pamamagitan ng mga aktibidad na pagboboluntaryo at kawanggawa. Ang ating layunin ay hindi lamang ang mag-alok ng tulong, kundi pati na rin ang lumahok sa ating mga komunidad.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Nagsisikaptayo na makagawa ng positibong kontribusyon sa ating mga komunidad sa pamamagitan ng:

- Pagyakap sa ating papel bilang isang responsableng employer na pinipili at gumagamit ng mga lokal na serbisyo
- Paghikayat at pagkilala sa mga pagsisikap ng empleyado sa gawaing pagboboluntaryo, pagtuturo at pagkakawanggawa
- Pagsasauli dahil ito ang tamang bagay na dapat gawin, hindi dahil inaasahan natin ang publisidad o mga pabor bilang kapalit
- Pag-anyaya, ngunit hindi pag-pressure, sa iba na mag-ambag sa mga organisasyong pangkawanggawa o iba pang mga layuning pangkomunidad
- Pagkuha ng tamang pag-apruba bago gumawa ng mga donasyon ng pera o oras sa pangalan ng Kompanya, kabilang ang pagsunod sa ating Patakaran Pag-aambag sa Kawanggawa at Pagtataguyod ng mga Kaganapang Pangkawanggawa
- Pagpapatunay na ang anumang kawanggawa na nakakasama tayo ay lehitimo at sumusunod sa mga naangkop na batas

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Madalas akong boluntaryo sa aking lokal na Boys and Girls Club. Dahil sinusuportahan ng Johnson Controls ang paglahok at pagboboluntaryo sa komunidad, gusto kong malaman kung maari kong ihandog ang aking serbisyo sa pangalan ng Kompanya.

**S:** Mahigpit na hinihikayat ng Johnson Controls ang pakikipag-ugnayan sa ating mga lokal na komunidad. Hindi pangkaraniwan para sa ating mga empleyado na katawanin ang Kompanya sa ilang kaganapan na nakabase sa komunidad. Gayunman, dapat kang palaging humingi at kumuha ng pahintulot mula sa Department of Public Affairs bago ang pagkakaloob ng iyong sarili bilang isang kinatawan ng Johnson Controls sa komunidad.

# Mga gawaing pulitikal at paglo-lobby



## Paglahok sa Prosesong Pulitikal

### PAANO TAYO MAGWAWAGI

Sinusuportahan natin ang isang patas na prosesong pulitikal, nagtataguyod para sa ating mga patakaran pangnegosyo at hinihikayat ang ating mga empleyado na maging aktibong kalahok.

### BAKIT NATIN INUUNA ANG PAGPAPAHALAGA

Naniniwala tayo na ang aktibong paglahok sa isang patas na prosesong pulitikal ay nagtataguyod ng isang malusog na lipunan. Bilang isang Kompanya, isinasali natin ang mga gumagawa ng patakaran sa mga problema at alalahanin na mahalaga sa ating negosyo at sa ating mga customer. Hinihikayat natin ang mga empleyedo na lumahok sa lokal na pulitika. Pangkalahatang nililimitahan ng Johnson Controls ang paggamit ng mga mapagkukunan ng Kompanya upang suportahan ang mga politikong kandidato. Sa halip, ang Kompanya ay may Political Action Committee (PAC), na pinopondohan sa pamamagitan ng kusang-loob na kontribusyon ng empleyado, na ginagamit upang suportahan ang mga kandidato ng U.S. na nakikiisa sa mga paninidigan ng patakaran ng Kompanya.

### ANO ANG HITSURA NG PAGWAWAGI

Responsable tayong lumalahok sa prosesong pulitikal sa pamamagitan ng:

- Paghikayat sa mga indibidwal na empleyado sa paglahok sa pulitika, kabilang ang pagboto at paggamit ng kanilang sariling oras at pera
- Paghikayat sa mga karapat-dapat na empleyado na kusang-loob na mag-ambag sa Johnson Controls PAC
- Hindi paggamit ng pangalan ng Johnson Controls upang itaguyod ang isang partikular na partidong pampulitika
- Hindi kailanman pagtangka na maling impluwensiyahan ang anumang ahensiya ng gobyerno, kinatawan o mambabatas
- Pag-iwas sa paggamit ng mga mapagkukunan ng Kompanya upang suportahan ang mga kandidatong pampulitika o halal na opisyal
- Pagsunod sa lahat ng kaugnay na batas, pagla-lobby at pagbubunyag ng mga kinakailangan, at ang ating Patakaran sa mga Pag-aambag na Pampulitika

### MAG-ISIP MUNA

**T:** Ako ay kasalukuyang nagboboluntaryo para sa isang pulitiko na tumatakbo para sa isang posisyon. Naatasan akong gumawa ng isang banner para sa isang paparating na kaganapang pangangampanya, at kailangang makahanap ng isang malaking espasyo na paggagawaan upang matapos ito. Nais kong gamitin ang conference room sa opisina para dito. Gagamitin ko lang ang aking sariling mga materyales at gagawin lang ang banner matapos makumpleto ang aking araw ng pagtatrabaho para sa Johnson Controls. Gusto ko ring tiyakin na walang sinuman ang mangangailangan ng silid para sa negosyo ng Kompanya. Ito ba ay pinayagan?

**S:** Iginagalang ng Johnson Controls ang karapatan ng bawat isa na maging kasangkot sa prosesong pulitikal. Ipinagmamalaki natin ang ating mga empleyado na nagboboluntaryo ng kanilang oras at pera upang suportahan ang kanilang mga paniniwalang pampulitika at mas gustong mga kandidato. Gayunman, hindi pinahihintulutan ng Johnson Controls ang paggamit ng mga mapagkukunan ng Kompanya, kabilang ang espasyo ng opisina, upang suportahan ang isang kandidato. Dapat nating iwasan ang pananaw na pagtataguyod sa partikular na mga pulitiko o partidong pampulitika. Samakatuwid, ang paggamit ng conference room ay hindi papayagan.



MGA PAGPAPAHALAGA MUNA

# SA PAGSASARA...

Layon ng Kodigo ng Etika na maging isang pinagmumulan ng inspirasyon at paggabay para sa atin sa pagtatrabaho nang sama-sama upang bumuo ng isang mas maginhawa, ligtas at napapanatiling mundo. Ipinapakita nito kung paano isagawa ang ating mga pagpapahalaga habang sinusundan natin ang mga pagkakataon at habang tinatahak din ang mga lugar ng panganib. Maaaring hindi nito masakop ang bawat sitwasyon na maari nating harapin. Mahalagang magtanong kapag hindi tayo tiyak tungkol sa tamang kurso ng pagkilos at mahalaga sabihin ang anumang mga alalahanin na maaring mayroon tayo. Kasama sa Kodigo ang iba't ibang mga mapagkukunan at paraan upang matulungan tayong gawin ito.

@johnsoncontrols
www.johnsoncontrols.com